ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ENERO 2017

# Liahona



**May Magandang Pananaw, Pagmamahal, at Pangarap para sa Hinaharap: Pangulong Gordon B. Hinckley. 22**

Pag-alam sa Kahalagahan ng Pagtatanong, p. 14

Doktrina at mga Tipan: Direktang Kaalaman tungkol sa Ama at sa Anak, p. 16

Kapag Mag-isa Kang Naninindigan, Piliing Maging Matatag, p. 28




*Kinunan ng kilalang retratistang Latter-day Saint na si George Edward Anderson ang sandaling ito noong 1907. Naiba ito sa araw-araw dahil sa walang-hanggang mahalagang kaganapang nangyari sa kalapit na kakahuyan: ang Unang Pangitain. Sa Sagradong Kakahuyang iyon malapit sa Palmyra, New York, nanalangin ang 14-na-taong-gulang na si Joseph Smith upang malaman kung aling simbahan ang sasapian at sinagot ng isang pagdalaw ng Diyos Ama at ng Anak.*

Retratong kuha ng Church History Library

# Liahona, Enero 2017




4

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pagtutok sa Sentro**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Layunin ng Relief Society**

**SA PABALAT**
Harapan: Retratong kuha ni George Frey. Loob ng pabalat sa harapan: Retratong kuha ni George Edward Anderson; sa kagandahang-loob ng Church History Library.

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


16 **Mga Ideya mula sa Doktrina at mga Tipan tungkol sa Ama at sa Anak**
Ni Norman W. Gardner
*Dahil nawala ang mga katotohanang inihayag sa Panunumbalik, pinalalalim ng Doktrina at mga Tipan ang ating pag-unawa tungkol sa Ama at sa Anak.*

22 **Gordon B. Hinckley: Isang Propetang May Magandang Pananaw at Pangarap**
Ni Andrew D. Olsen
*Bilang pinakamamahal na ika-15 Pangulo ng Simbahan, si Gordon B. Hinckley ay isang halimbawa ng pinunong may magandang pananaw, pagmamahal, at pangarap.*

28 **Matatag sa Ating Patotoo tungkol sa Tagapagligtas**
Ni Elder Christoffel Golden
*Ang mahihirap na sandali ang magiging pinakamahalaga sa ating buhay.*

34 **Sa Lahat Mong Kukunin, ay Kunin Mo ang Unawa**
Ni Elder Gary E. Stevenson
*Ang tunay na pag-unawa ay darating sa pamamagitan ng pag-unawa sa kaugnayan ng pag-aaral sa pagdarasal, pangakong maglingkod, at pagtitiwala sa Panginoon.*


## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2016**

10 **Ang Ating Paniniwala: Naniniwala Tayo na Pupunuin ng Simbahan ang Mundo**


12 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Gusto Kong Makapiling Kayo Magpakailanman!**
Ni Leongina Adamés de Ubrí

14 **Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas: Pag-iisip Kung Mabisa ang mga Tanong sa Ating Talakayan**
Ni Ted Barnes

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Usapin ng Isang Buhay na Propeta**
Ni President Hugh B. Brown

MGA YOUNG ADULT





44 **Ipinropesiyang mga Alituntunin ng Katapatan**
Ni Elder C. Scott Grow
*Matutulungan kayo ng mga desisyon at pangakong ginagawa ninyo ngayon na manatiling tapat sa hinaharap.*




*Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Saan kayo lumuluhod para manalangin?*

MGA KABATAAN


50 **Tema ng Mutwal sa Taong 2017: Santiago 1:5–6**
Nina Stephen W. Owen at Bonnie L. Oscarson

53 **Poster: Magtanong**

54 **Limang Pangako ng Panalangin**
Ni Carlisa Cramer
*Ang panalangin ay hindi lang isang paraan ng pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit. Narito ang ilang iba pang mga pagpapalang dulot nito.*

56 **Limang Bagay na Itatanong Kapag Tila Hindi Nasasagot ang mga Dalangin**
Ni Margaret Willden
*Maaaring mahirap kapag tila hindi nasasagot ang mga dalangin, ngunit baka makatulong sa inyo ang ilang katanungan para pag-isipan ang mga bagay-bagay sa isang bagong paraan.*

58 **Theme Song ng Mutwal: Humingi sa Dios**
Ni Nik Day

61 **Taludtod sa Taludtod: Santiago 1:5–6**

62 **Selestiyal na mga Sandali**
Ni Hollie Megan Laura Hunter
*Sa ganitong mga sandali, biglang parang malapit lang ang langit.*

63 **Ang Bahaging para sa Atin**

64 **Mga Sagot mula sa mga Pinuno ng Simbahan: Paano Ibabahagi ang Ebanghelyo**
Ni Elder M. Russell Ballard

65 **Tuwirang Sagot**
*Nahihirapan ka bang magpatawad? Nahihirapan ka bang labanan ang depresyon?*





MGA BATA





66 **Church History Reading Chart: Ang Panunumbalik**

69 **Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Lagi bang sasagutin ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin?**
Ni Elder Dallin H. Oaks

70 **Ang Ating Pahina**

71 **Ang Aklat sa Istante**
Ni Elder Walter F. González
*Sa paghahanap ng magandang aklat na mababasa, natagpuan ko ang Aklat ni Mormon at binago nito ang buhay ko.*

72 **Naging Marapat si Min-Jun**
Ni Kelly Hunsaker
*Paano makakapasok ng simbahan si Min-Jun samantalang maruming-marumi siya at basang-basa?*

74 **Huwag Kalimutang Ipagdasal si Erik**
Ni Julie Cornelius-Huang
*Malungkot si Kari dahil ayaw nang magsimba ng kapatid niya, pero may natutuhan siyang mahalagang aral tungkol sa panalangin.*

76 **Mga Kuwento tungkol kay Jesus: Mahal Ako ni Jesus**
Ni Kim Webb Reid

79 **Pahinang Kukulayan: Ako ay Anak ng mga Magulang sa Langit**

**ENERO 2017 TOMO 20 BLG. 1**
**LIAHONA 14441 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

**Patnugot:** Joseph W. Sitati
**Mga Assistant na Patnugot:** Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Jean B. Bingham, LeGrand R. Curtis Jr., Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

**Namamahalang Direktor:** Peter F. Evans
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Megan Seitz
**Writing and Editing Team:** Bethany Bartholomew, Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Rachel Smith, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Glen Adair, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty, Derek Richardson
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy K. Vellinga

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2017 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.

**Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

LIAHONA Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.*



**"Matatag sa Ating Patotoo tungkol sa Tagapagligtas,"** pahina 28: Tinalakay ni Elder Golden kung paano haharapin ng bawat isa sa atin ang mahihirap ngunit mahahalagang sandali sa ating buhay. Maaari ninyong isadula ang ilang sitwasyon kung saan ang mga miyembro ng pamilya ay nahaharap sa isang mahirap na desisyon. Halimbawa, maaari kayong magsanay na magsabi ng hindi sa isang kaklase na gustong kopyahin ang homework ninyo o sabihan ang isang kaibigan na gumamit ng malinis na pananalita. Pag-usapan kung paano kayo makapaghahanda na magkaroon ng malakas na patotoo tungkol sa Tagapagligtas bago dumating ang gayong mga sitwasyon.

**"Lagi bang sasagutin ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin?"** pahina 69: Paano mo nakitang nasagot ang iyong mga dalangin? Maaari kang magbahagi ng partikular na mga karanasan kung saan nasagot ng Panginoon ang iyong mga dalangin, nasagot man ang mga ito sa inaasahan o di-inaasahang paraan. Isiping hikayatin ang isa't isa na itala sa journal ang partikular na mga paraan na nasagot ng Panginoon ang iyong mga dalangin at napagpala ka.

## MARAMI PANG IBA ONLINE

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay available sa maraming wika sa **languages.lds.org.** Ang mga audio recording ng mga artikulo sa *Liahona* ay available sa English, Portuguese, at Spanish sa **liahona.lds.org.** Maaari din ninyong bisitahin ang **facebook.com/liahona.magazine** para makakita at makapagbahagi ng nagbibigay-inspirasyong mga mensahe (makukuha sa English, Portuguese, at Spanish).

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *71*
***Depresyon, Kalungkutan,*** *65*
***Doktrina at mga Tipan,*** *16, 66*
***Espiritu Santo,*** *42, 54, 62, 64, 74*
***Family history,*** *41, 63*
***Gawaing misyonero,*** *10, 34, 63, 64, 71*
***Ikalawang Pagparito,*** *10*
***Jesucristo,*** *4, 16, 28, 34, 70, 76*
***Joseph Smith,*** *10, 16, 28, 34, 66, 71, 80*
***Kahalagahan ng sarili,*** *72*
***Kalayaan,*** *44, 74*
***Kapatawaran, Pagpapatawad,*** *54, 65*
***Kapayapaan,*** *54, 62*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *10, 16, 28, 34, 66*
***Kautusan, mga,*** *4, 28, 76*
***Pag-aaral ng banal na kasulatan,*** *34, 43, 66, 71*
***Pag-ibig, pagmamahal,*** *4, 22, 76*
***Pagiging Babae,*** *40*
***Pagsunod,*** *44, 61*
***Panalangin,*** *34, 42, 50, 53, 54, 56, 58, 61, 71, 74*
***Pananampalataya,*** *12, 22, 34, 44, 50, 53, 58, 61, 72, 80*
***Panguluhang Diyos,*** *16*
***Panunumbalik,*** *16, 66*
***Patotoo,*** *22, 28, 44, 64*
***Pornograpiya,*** *44*
***Prayoridad, mga,*** *43, 44*
***Propeta, mga,*** *22, 80*
***Relief Society,*** *7*
***Tanong, mga,*** *14, 56, 58*
***Templo, mga,*** *12, 22, 44, 62, 63, 70*
***Tipan, mga,*** *44*
***Walang-hanggang pamilya, mga,*** *12, 41, 44, 63, 79*



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagtutok SA SENTRO

Kamakailan, pinanood ko ang isang grupo ng mga tao na nagpapraktis ng archery. Sa panonood lang, naging malinaw sa akin na kung talagang gusto mong maging mahusay sa paggamit ng pana at palaso, kailangan mo ng panahon at praktis.

Palagay ko hindi ka kikilalaning mahusay na archer kung papanain mo ang isang dingding na walang nakasabit at magdodrowing ng mga target sa paligid ng mga palaso. Kailangan mong matutuhang hanapin ang target at tamaan ang bull's-eye.

### Pagpipinta ng mga Target

Tila medyo nakakatawa ang pagpana muna at pagdodrowing ng target sa paligid ng pana pagkatapos, ngunit kung minsa'y iyon mismo ang nakikita sa pag-uugali natin sa iba pang mga sitwasyon sa buhay.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, kung minsa'y mahilig tayong pumili ng mga programa, isyu, at maging ng mga doktrina ng ebanghelyo na tila nakakatuwa, mahalaga, o nakasisiya sa atin. Natutukso tayong magdrowing ng mga target sa paligid ng mga ito, na pinaniniwala tayo na nakatutok tayo sa sentro ng ebanghelyo.

Madaling gawin iyan.

Sa nakalipas na mga panahon tumanggap na tayo ng napakagandang payo at inspirasyon mula sa mga propeta ng Diyos. Tumanggap din tayo ng patnubay at paglilinaw sa iba't ibang mga lathalain, hanbuk, at manwal ng Simbahan. Madali tayong makakapili ng paborito nating paksa ng ebanghelyo, magdrowing ng bull's-eye sa paligid nito, at mangatwiran na natukoy na natin ang sentro ng ebanghelyo.

### Nagpaliwanag ang Tagapagligtas

Hindi kakaiba ang problemang ito sa ating panahon. Noong unang panahon, gumugol ng maraming oras ang mga pinuno ng relihiyon sa pagtatala, pagraranggo, at pagdedebate kung alin sa daan-daang utos ang pinakamahalaga.

Isang araw sinubukang akitin ng isang grupo ng mga iskolar ng relihiyon ang Tagapagligtas na makipagtalo. Hiniling nila na magbigay Siya ng pananaw tungkol sa isang isyu na masasang-ayunan ng ilan.

"Guro," tanong nila sa Kanya, "alin baga ang dakilang utos sa kautusan?"

Alam nating lahat kung ano ang sagot ni Jesus: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

"Ito ang dakila at pangunang utos.

"At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

"Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta."[1]

Pansinin lamang ang huling sinabi: "Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang *buong* kautusan, at ang mga propeta."

Hindi lamang ipinakita sa atin ng Tagapagligtas ang target, kundi tinukoy Niya rin ang bull's-eye.

### Pagtama sa Target

Bilang mga miyembro ng Simbahan, nakikipagtipan tayo na tataglayin natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo. Nakapahiwatig sa tipang iyon ang pag-unawa na sisikapin nating malaman ang tungkol sa Diyos, mamahalin Siya, palalakasin ang ating pananampalataya sa Kanya, igagalang Siya, tatahakin ang Kanyang landas, at tatayo nang matatag bilang Kanyang mga saksi.

Habang lalo tayong natututo tungkol sa Diyos at nadarama natin ang Kanyang pagmamahal sa atin, lalo nating nauunawaan na ang walang-hanggang sakripisyo ni Jesucristo ay isang banal na kaloob ng Diyos. At binibigyang-inspirasyon tayo ng pagmamahal ng Diyos na tahakin ang landas tungo sa tunay na pagsisisi, na hahantong sa



LARAWANG KUHA © SERG MYSHKOVSKY/GETTY IMAGES

himala ng pagpapatawad. Binibigyang-kakayahan tayo ng prosesong ito na magkaroon ng higit na pagmamahal at habag sa mga nasa paligid natin. Matututo tayong unawain ang iba nang higit pa sa ating nakikita. Lalabanan natin ang tuksong akusahan o husgahan ang iba ayon sa kanilang mga kasalanan, pagkukulang, kapintasan, opinyon sa pulitika, paniniwala sa relihiyon, nasyonalidad, o kulay ng balat.

Kikilalanin natin ang bawat makilala natin bilang anak ng ating Ama sa Langit—bilang kapatid nating lalaki o babae.

Tutulungan natin ang iba nang may pag-unawa at pagmamahal—lalo na ang mga tao na maaaring hindi madaling mahalin. Makikidalamhati tayo sa mga nagdadalamhati at aaliwin natin ang mga nangangailangan ng aliw.[2]

At mauunawaan natin na hindi tayo kailangang malito tungkol sa tamang target ng ebanghelyo.

Ang dalawang dakilang utos ang target. Sa dalawang utos na ito nauuwi ang buong kautusan at ang mga propeta.[3] Kapag tinanggap natin ito, lahat ng iba pang mabubuting bagay ay malalagay sa dapat nilang kalagyan.

Kung ang ating pangunahing tuon, pag-iisip, at mga pagsisikap ay nakasentro sa pagpapaibayo ng ating pagmamahal sa Diyos na Maykapal at minamahal natin ang iba, malalaman natin na natagpuan na natin ang tamang target at nakatutok tayo sa bull's-eye—ang maging tunay na mga disipulo ni Jesucristo. ■

**MGA TALA**

1. Mateo 22:36–40.
2. Tingnan sa Mosias 18:9.
3. Tingnan sa Mateo 22:40.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Bago ibahagi ang mensaheng ito, maaari ninyong kantahin ang "Ang Pag-ibig ng Ating Tagapagligtas" (*Mga Himno,* blg. 64). Pagkatapos ay isiping hikayatin ang mga tinuturuan ninyo na pag-isipan ang "mga target" sa sarili nilang buhay. Maaari ninyong talakayin ang mga paraan para matiyak na ang dalawang dakilang utos—na "ibigin mo ang Panginoon mong Dios" at "ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (tingnan sa Mateo 22:37, 39)—ang laging gumagabay sa kanilang mga kilos. Maaari din kayong magbahagi ng partikular na mga paraan kung saan naituon ninyo ang sarili ninyong buhay kay Cristo at magpatotoo kung paano kayo napagpala nito.

## MGA KABATAAN



# Makagagawa ng Kaibhan ang Isang Ngiti

Tinukoy ni Pangulong Uchtdorf ang dalawang bagay na dapat nating mithiin sa ating mga kilos: ibigin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa. Ngunit kung minsa'y hindi talaga gayon kadaling mahalin ang iba. Sa buong buhay ninyo, maaaring may mga pagkakataon na nahihirapan kayong makipag-ugnayan sa iba—marahil sinaktan ng isang tao ang inyong damdamin o nahihirapan kayong makipag-usap o makisalamuha sa iba. Sa ganitong mga sandali, sikaping alalahanin ang pagmamahal na nadama ninyo mula sa mga kaibigan, pamilya, Ama sa Langit, at kay Jesucristo. Alalahanin ang kagalakang nadama ninyo sa gayong mga sitwasyon at sikaping wariin kung lahat ay may pagkakataong madama ang gayong uri ng pagmamahal. Alalahanin na lahat ay anak ng Diyos at nararapat kapwa sa Kanya *at* sa inyong pagmamahal.

Isipin ang isang partikular na tao sa buhay ninyo na nahirapan kayong pakisamahan. Isama sila sa inyong mga dalangin at hilingin sa Ama sa Langit na gumanda ang inyong pakiramdam tungkol sa kanila. Agad ninyo silang makikita ayon sa Kanyang pananaw: bilang isa sa Kanyang mga anak na nararapat mahalin.


Matapos kayong manalangin, gumawa ng mabuting bagay para sa kanila! Siguro'y anyayahan sila sa isang aktibidad ng Mutwal o isang pagliliwaliw na kasama ang mga kaibigan. Mag-alok ng tulong sa isang takdang-aralin. Batiin man lang sila ng "hello" at ngitian sila. Makagagawa ng malaking kaibhan ang maliliit na bagay . . . sa buhay ninyo pareho!

## MGA BATA

# Bull's-eye!

Sinabi ni Pangulong Uchtdorf na ang ebanghelyo ay parang target practice. Kailangan nating tumutok sa pinakamahahalagang bagay. Ang pinakamahahalagang utos ay ibigin ang Diyos at mahalin ang iba. Kung magtutuon tayo sa dalawang ito, matatamaan natin palagi ang bull's-eye!

Magdrowing ng isang palaso sa mga target na tumutulong sa atin na magpakita ng pagmamahal sa Diyos at sa iba. Drowingan ng X ang mga target na hindi mabuting gawin.




MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

MENSAHE SA VISITING TEACHING

# Ang Layunin ng Relief Society

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at maghangad ng inspirasyong malaman kung ano ang ibabahagi.*



*Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan*

Ang layunin ng Relief Society ay "ihanda ang kababaihan para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan," sabi ni Linda K. Burton, Relief Society General President.[1] Sa pamamagitan ng pananampalataya, pamilya, at kapanatagan natin nagagampanan ang ating "mahalagang bahagi sa gawain."[2]

Ang Relief Society "ay isang temporal at espirituwal na gawain," sabi ni Carole M. Stephens, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency. "Iyan ang ginawa ng kababaihan sa panahon ng Tagapagligtas, at iyan ang patuloy nating ginagawa."[3]

Kapag inunawa nating mabuti ang babaeng Samaritana sa tabi ng balon, na iniwan ang kanyang banga ng tubig at tumakbo para ikuwento sa iba na si Jesus ay isang propeta (tingnan sa Juan 4:6–42), o kay Febe, na buong buhay na masayang naglingkod sa iba (tingnan sa Mga Taga Roma 16:1–2), makikita natin ang halimbawa ng kababaihan sa panahon ng Tagapagligtas na naging aktibong bahagi sa paglapit kay Cristo. Siya ang nagbubukas ng daan tungo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa Juan 3:16).

Kapag inunawa nating mabuti ang mga pioneer nating kababaihan sa Nauvoo, Illinois, na nagtipon sa tahanan ni Sarah Kimball noong 1842 upang bumuo ng sarili nilang organisasyon, makikita natin ang plano ng Diyos sa pagbubuo ng Relief Society na nakaayon sa priesthood. Matapos isulat ni Eliza R. Snow ang isang saligang-batas, nirebyu ito ni Propetang Joseph Smith. Natanto niya na ganap lamang na nabuo ang Simbahan nang maorganisa ang kababaihan. Sinabi niya na tinanggap ng Panginoon ang kanilang handog ngunit may mas mainam pa roon. "Aking isasaayos ang kababaihan sa ilalim ng priesthood ayon sa kaayusan ng priesthood," wika niya.[4]

"Ang Relief Society ay hindi lamang isa pang grupo ng kababaihan na nagsisikap na gumawa ng kabutihan sa mundo. Kakaiba ito noon. Ito ay 'mas mainam' dahil inorganisa ito sa ilalim ng awtoridad ng priesthood. Ang organisasyon nito ay mahalagang hakbang sa paghahayag ng gawain ng Diyos sa daigdig."[5]

**Karagdagang mga Banal na Kasulatan at Impormasyon**

Doktrina at mga Tipan 25:2–3, 10; 88:73; reliefsociety.lds.org

**MGA TALA**

1. Linda K. Burton, sa Sarah Jane Weaver, "Relief Society Celebrates Birthday and More March 17," *Church News,* Mar. 13, 2015, news.lds.org.
2. Linda K. Burton, sa Weaver, "Relief Society Celebrates Birthday."
3. Carole M. Stephens, sa Weaver, "Relief Society Celebrates Birthday."
4. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 14.
5. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 19.

**Isipin Ito**

Paano nakakatulong ang Relief Society na magampanan ng kababaihan ang banal na tungkuling bigay sa kanila ng Ama sa Langit at maakay sila tungo sa buhay na walang hanggan?

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2016

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerebyu ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2016, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*



TAMPOK NA DOKTRINA

## Ang Pagsisisi ay Kaloob ng Diyos sa Atin

"Ang isa sa mga katagang madalas nating marinig ngayon ay 'walang kundisyon' ang pag-ibig ng Diyos. Bagama't sa isang banda ay totoo iyan, ang katagang *walang kundisyon* ay hindi makikita sa banal na kasulatan. . . .


"Lagi tayong iibigin ng Diyos, ngunit hindi Niya tayo maililigtas sa ating mga kasalanan. Alalahanin ang sinabi ni Amulek kay Zisrom na hindi ililigtas ng Tagapagligtas ang Kanyang mga tao *sa* kanilang mga kasalanan kundi *mula* sa kanilang mga kasalanan, dahil marumi tayo sa kasalanan at 'walang maruming bagay ang magmamana ng kaharian ng langit' [Alma 11:37] o mananahan sa piling ng Diyos. . . .

"Mula sa Aklat ni Mormon nalaman natin na ang layon ng pagdurusa ni Cristo—ang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal Niya—ay 'ang isakatuparan ang mga sisidlan ng awa, na nangingibabaw sa katarungan, at nagbibigay daan sa mga tao upang sila ay magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi' [Alma 34:15]. . . .

"Ang pagsisisi, kung gayon, ay kaloob Niya sa atin, na binayaran nang napakamahal."

**Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Magsipanahan sa Aking Pag-ibig," *Liahona,* Nob. 2016, 48.**

PANGAKO NG PROPETA




### ANG PLANO NG KALIGTASAN

"Napakahalaga sa plano [ng kaligtasan] ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Kung wala ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, lahat ay maliligaw. Hindi sapat, gayunman, na maniwala lamang sa Kanya at sa Kanyang misyon. Kailangan nating gumawa at matuto, magsaliksik at manalangin, magsisi at magpakabuti. Kailangan nating malaman ang mga batas ng Diyos at ipamuhay ang mga ito. Kailangan nating matanggap ang Kanyang nakapagliligtas na mga ordenansa. Sa paggawa lamang nito natin matatamo ang tunay at walang hanggang kaligayahan.

"Mapalad tayo na *nasa atin* ang katotohanan. Inutusan tayong *ibahagi* ang katotohanan. Ating *ipamuhay* ang katotohanan, upang maging marapat tayo sa lahat ng ibibigay ng Ama sa atin. Wala siyang gagawin na hindi para sa ating kapakanan. Sinabi Niya sa atin, 'Masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao' [Moises 1:39].

"Mula sa kaibuturan ng aking kaluluwa, at buong pagpapakumbaba kong pinatototohanan ang dakilang kaloob na plano ng ating Ama para sa atin. Ito ay perpektong landas tungo sa kapayapaan at kaligayahan dito at sa mundong darating."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ang Perpektong Landas Tungo sa Kaligayahan," *Liahona,* Nob. 2016, 80–81.**



# Walang-Hanggang Pagbabayad-sala ni Cristo

"Ang Tagapagligtas, ang Dalubhasang Manggagamot, ay may kapangyarihang baguhin ang ating puso at bibigyan tayo ng kapanatagan mula sa kalungkutang dulot ng ating kasalanan. . . .


". . . Mapapaginhawa at mapapalakas [Niya] tayo kapag dumaranas tayo ng pasakit dahil sa masasamang gawain ng iba. . . .

". . . Mapapaginhawa at mapapalakas [Niya] tayo sa masasaklap na "katotohanan ng buhay," tulad ng kapinsalaan, sakit sa utak, karamdaman, paulit-ulit na sakit, at kamatayan. . . .

"Sabi ng Tagapagligtas: . . .

"'. . . Kung lalapit kayo sa akin ay magkakaroon kayo ng buhay na walang hanggan. Masdan, ang aking bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit . . . ay tatanggapin ko' [3 Nephi 9:14]."

**Carole M. Stephens, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency, "Ang Dalubhasang Manggagamot," *Liahona,* Nob. 2016, 10, 11, 12.**



*KAPANGYARIHANG MAGBAGO,* NI MICHAEL T. MALM

"Anumang salungat kay Cristo o sa Kanyang doktrina ay hahadlang sa ating kagalakan."

**Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kagalakan at Kaligtasang Espirituwal," *Liahona,* Nob. 2016, 84.**

# Magsisunod Kayo sa Kanya

Hinikayat tayo ng ilang tagapagsalita na magkaroon ng mga katangian ni Cristo at alalahanin ang Tagapagligtas habang tayo ay sumasamba sa araw ng Sabbath. Gamitin ang isyu ng Nobyembre 2016 o bisitahin ang conference.lds.org para mabasa ang mga sinabi nila.

- Paano ako magmamahal at maglilingkod bilang isang Kristiyano? —Tingnan sa Robert D. Hales, "'Halika, Sumunod Ka sa Akin' at Magmahal at Maglingkod Bilang Kristiyano," 22.
- Paano ako magiging mas mabuting home teacher? —Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Mga Sugo sa Simbahan," 61.
- Paano ako magkakaroon ng taos-pusong pagsamba sa araw ng Sabbath? —Tingnan sa Dean M. Davies, "Ang mga Pagpapala ng Pagsamba," 93.
- Paano ko gagawing mas makahulugan ang pakikibahagi sa sakramento? —Tingnan sa Peter F. Meurs, "Matutulungan Tayo ng Sakramento na Maging Banal," 85.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bumisita sa **conference.lds.org**.

# NANINIWALA TAYO NA PUPUNUIN NG SIMBAHAN ANG MUNDO

Anim lamang ang miyembro ang Simbahan nang itatag ito noong 1830 sa isang munting bayan sa New York, USA. Simula noon umabot na sa mahigit 15.5 milyon ang mga miyembro ng Simbahan na may mga ward at branch sa mahigit 150 bansa. Ang paglagong ito ang katuparan ng propesiya sa Lumang Tipan na ang Simbahan ay lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong mundo (tingnan sa Daniel 2:31–45). Ang Simbahan—ang kaharian ng Diyos sa lupa—ay inilarawan bilang isang bato na "tinibag sa bundok, hindi ng mga kamay" (Daniel 2:45), na naghahayag na ito ay isang gawaing banal at hindi gawa ng tao.

Kahit pinupuno ng impluwensya ng Simbahan ang mundo, kakaunti pa rin ang mga miyembro nito. Nakinita ito ni Nephi at isinulat niya tungkol sa ating panahon, "Namasdan ko ang simbahan ng Kordero ng Diyos, at ang bilang nito ay kakaunti" dahil sa kasamaan sa paligid (1 Nephi 14:12). Habang papalapit ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, ang mundo, mas lalong magiging masama, at "di-gaanong magiging popular ang pagiging Banal sa mga Huling Araw."[1]

Ngunit nakinita rin ni Nephi "na ang simbahan ng Kordero, na mga banal ng Diyos, ay nasa lahat din ng dako ng mundo" (1 Nephi 14:12). Ang mga ward at branch ay matatagpuan sa buong daigdig, ang pangkalahatang kumperensya ay ini-interpret sa mahigit 90 wika, at halos 75,000 full-time missionary ang nagbabahagi ng ebanghelyo sa 418 mission. Ipinalalaganap din ang ebanghelyo sa buong mundo sa pamamagitan ng social media at mga website tulad ng Mormon.org at LDS.org.


Ang mga pagsisikap na ito ay mahalaga at malawakan ngunit kadalasan ay di-gaanong napapansin. "Ang gawaing ito ng Panginoon ay tunay na dakila at kagila-gilalas, subalit ito'y sumusulong na hindi napapansin ng maraming lider sa pulitika, kultura, at akademiya. Pinauunlad nito ang bawat tao at bawat pamilya, nang tahimik at di sapilitan, ang banal na mensahe nito ay nagpapala sa mga tao saan mang dako."[2]

Ang batong ipinropesiya noong unang panahon ay talagang lumalaganap, at kapag ginawa natin ang ating tungkulin, ang ebanghelyo ay patuloy na lalaganap at pupunuin nito ang buong mundo (tingnan sa Daniel 2:31–45). ■

Para malaman ang iba pa tungkol sa hinaharap ng Simbahan, basahin ang Doktrina at mga Tipan 65; Gordon B. Hinckley, "Ang Batong Tinibag mula sa Bundok" (pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2007); L. Whitney Clayton, "Ang Panahon ay Darating" (pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2011).

**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito," *Liahona,* Okt. 2016, 50.
2. L. Whitney Clayton, "Ang Panahon ay Darating," *Liahona,* Nob. 2011, 13.



## ANG HINAHARAP NG SIMBAHAN

"Kakaunti lamang ang nakikita ninyo ritong mga Priesthood ngayong gabi, ngunit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang buong mundo."

**Si Propetang Joseph Smith (1805–44), sa isang priesthood meeting noong 1834, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 160.**

**Ano ang maitutulong natin para maipalaganap ang ebanghelyo?**



*Ang pagsunod sa mga kautusan at pagpapalakas ng ating patotoo ay nagbibigay sa atin ng pundasyon para makatulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.*



*Ang pagtupad sa ating tungkulin ay tumutulong na mapalakas ang Simbahan sa ating lugar.*



*Makakatulong tayong ipalaganap ang ebanghelyo sa simpleng pakikipag-usap sa mga tao tungkol dito.*



*Ang pagtuturo ng ebanghelyo sa ating pamilya ay nagpapatatag sa kanila na mamuhay nang tapat sa isang mundo na iba ang itinuturo sa kanila.*



*Sa templo makapagsasagawa tayo ng mga ordenansa para sa mga taong namatay nang hindi naririnig ang ebanghelyo sa buhay na ito.*

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

# GUSTO KONG MAKAPILING KAYO MAGPAKAILANMAN!

**Ni Leongina Adamés de Ubrí**


*Nakatulong ang pananampalataya ng isang anim-na-taong-gulang sa pagbabalik ng aking pananampalataya.*

Noong 22 anyos ako, may nangyari sa buhay ko na hindi ko inasahan: namatay ang nanay ko. Malakas ang pananampalataya niya at ng tatay ko, at pinalaki nila ako sa ebanghelyo. Pagkamatay niya, nangibang-bansa ang tatay ko at nagtungo sa Estados Unidos. Sa paglipas ng panahon, labis na akong nalungkot dahil nag-iisang anak ako. Hindi ko kasama ang nanay ko rito sa lupa, at malayo ang tirahan ng tatay ko; tatlong linggo ko lang siyang nakita sa buong taon.

Dahil sa mga damdaming iyon, lalo akong naghanap ng kanlungan sa "mga kaibigan" ko sa kolehiyo at sa opisinang pinagtatrabahuhan ko. Unti-unti, nakahanap ako ng artipisyal na kaligayahan sa mga temporal na bagay. Tumigil ako sa pagsisimba, at unti-unti akong naging lubos na di-aktibo. Kalaunan, nagpakasal ako sa isang kahanga-hangang binata na, bagama't may napakagagandang tuntunin sa buhay, ay walang alam tungkol sa ebanghelyo. Nagkaroon kami ng tatlong anak: sina Leah, Isaac, at Ismael.

Isang buwan ng Oktubre, bumisita si Itay para makita ang bagong silang na sanggol. Nang bumisita siya, tinanong ng anim-na-taong-gulang na si Leah ang lolo niya kung bakit hindi niya isinama ang lola niya kahit kailan. Sa gayo'y ipinaliwanag sa kanya ni Itay na nasa napakaespesyal na lugar si Lola na malapit sa Ama sa Langit. Pag-alis ni Itay, namimilit na sinabi sa akin ni Leah, "Inay, gusto kong makilala si Lola. Alam ko na nasa langit na siya, pero gusto ko ring magkasama-sama tayo roon balang-araw—sina Lola't Lolo, Itay, Isaac, Ismael, at tayong dalawa. Gusto kong makapiling kayo magpakailanman. Gusto ko tayo rin ang magkakapamilya roon na katulad dito para makalaro natin si Lola!"

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. Hinaplos ko ang maganda at inosente niyang mukha, at saka ako lumakad papunta sa kuwarto ko. Lumuhod ako at umiyak hanggang sa maubusan ako ng luha. Humingi ako ng kapatawaran sa Ama sa Langit. Alam ko na lumihis ako mula sa landas na magtutulot na magkasama-sama kami bilang isang walang-hanggang pamilya. Bigo ako sa responsibilidad kong akayin sila sa tamang landas, at bigo akong kausapin ang asawa ko tungkol sa ebanghelyo.



### TINALIAN SA LANGIT

"Ang Tagapagligtas sa Kanyang mortal na ministeryo ay nagsalita kay Pedro, na Kanyang punong Apostol, tungkol sa kapangyarihang ibuklod ang pamilya, nang sabihin Niyang, 'Anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit' (Mateo 16:19).

"Sa kahariang selestiyal lamang tayo maaaring mabuhay magpakailanman bilang mga pamilya. Doon ay maaari tayong magsama-sama bilang mga pamilya sa piling ng ating Ama sa Langit at ng Tagapagligtas."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan," *Liahona,* Hunyo 2015, 4.**

PAGLALARAWAN NI KELLEY MCMORRIS



Nang makatayo na ako, kinontak ko ang isang lider ng Simbahan, at pinakontak niya ako sa mga elder sa aming ward. Nang sumunod na gabi, dumating sila at tinuruan ang asawa ko. Mula noong gabing iyon, nagbago na ang buhay namin magpakailanman. Nagsisimba na kami ngayon tuwing Linggo bilang pamilya. May calling ako na nagtutulot sa akin na matulungan ang di-gaanong aktibong kababaihan. Naghahanda na rin kaming pumasok sa templo.

Kung minsan ay ginagabayan tayo ng Espiritu ng Diyos sa mga bagay na hindi natin inaasahan. Sa pagkakataong ito nangyari iyon sa pamamagitan ng aking anim-na-taong-gulang na anak na babae. Alam ko na ngayon na sa pamamagitan ng pagbubuklod sa templo, maaari kong makapiling ang pamilya ko magpakailanman. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Santo Domingo, Dominican Republic.*

# PAG-IISIP KUNG MABISA ANG MGA TANONG SA ATING TALAKAYAN

**Ni Ted Barnes**
Priesthood and Family Department ng Simbahan

Kunwari'y nakaupo kayo sa panang-halian kasama ang ilang kaibigan at nag-uusap-usap kayo tungkol sa pelikulang sama-sama ninyong pinanood. Pagkatapos ay sasabihin ng isa sa mga kaibigan ninyo, "Sino ang makapagsasabi sa akin kung ano ang pinakamahalagang tagpo sa pelikula?"

Medyo nalito sa tanong, mag-iisip kayo sandali at magmumungkahi na ang huling tagpo siguro ang pinakamahalaga. "Aba, magandang puna iyan," sasabihin ng kaibigan mo. "Pero hindi ito ang nasa isip ko. May iba pa ba? Pakinggan natin ang isang tao na hindi pa nakakapagbahagi."

Hindi kayo magsasalita nang ganito sa harap ng mga kaibigan pero sa kung anong kadahilanan ay tila madalas itong mangyari sa mga klase tuwing Linggo. Sa halip na pag-usapan ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa natural at komportableng paraan, bilang mga guro kung minsa'y nagsasalita tayo ng mga bagay na tila kakatwa at magpapatigil pa sa usapan sa ibang pagkakataon. Umaasa tayo na madarama ng mga miyembro ng klase na mga kaibigan ang kasama nila, at magiging komportable silang magbahagi ng kanilang mga ideya tungkol sa mga alituntuning natututuhan nila. Ang gayong pagbabahagi ay maaaring mag-anyaya sa Espiritu at magpayaman sa karanasan ng lahat.

Paano natin masisiguro na ang ating mga tanong ay hahantong sa mas natural at makabuluhang talakayan? May ilang dapat at hindi dapat gawin na nakakatulong sa maraming guro: Huwag magtanong ng mga bagay na malinaw na ang mga sagot. Magtanong ng mga bagay na hindi lang iisa ang sagot. Huwag magtanong ng mga bagay na masyadong personal.

Maaaring mahalaga rin, bago tayo magsimulang magplano ng mga itatanong sa klase, itanong natin ito sa ating sarili: *Bakit nga ba ako nagtatanong?*

### Bakit Kayo Nagtatanong?

Malaking kaibhan ang nagagawa ng motibo ng ating mga tanong. Halimbawa, nagtatanong ba tayo



*Maaaring ang pinakamahalagang tanong ay ang itinatanong ng mga guro sa kanilang sarili bago sila dumating sa klase.*

kung minsan dahil may sasabihin tayo pero mas gusto natin na isang miyembro ng klase ang magsabi nito? Tama namang ayawan natin na palagi na lang tayo ang nagsasalita, pero may gusto talaga tayong ipahayag na punto, kaya kung minsa'y nagtatanong tayo ng isang bagay na alam nating mag-aanyaya ng sagot na gusto nating marinig. Ang pananaw na ito ay humahantong sa mga tanong na talagang mga tagong pahayag, gaya ng "Paano kayo matutulungan ng pag-iwas sa pornograpiya na panatilihing dalisay ang inyong mga iniisip?" o "Mahalaga bang magdasal araw-araw?"

May mga sitwasyon na lubos na angkop na magtanong ng mga bagay na nilayong mag-anyaya ng partikular na sagot. Maaari itong magamit para bigyang-diin ang isang punto o tulungan ang guro na isulong ang aralin. Pero ang mga tanong na kagaya nito ay malamang na hindi makahikayat ng makabuluhang talakayan.

Sa kabilang dako, kung nagtatanong tayo dahil talagang gusto nating malaman ang nasa isipan at puso at buhay ng mga miyembro ng ating klase, makikita iyon sa mga tanong natin.

Ang mga tanong na nag-aanyaya sa mga miyembro ng klase na taos-pusong mag-usap na naghihikayat ng espirituwal na pagkatuto ay kinabibilangan ng mga tanong na gaya ng "Habang binabasa ninyo ang talatang ito, ano ang namumukod-tangi sa inyo?" o "Anong mga karanasan ang nakapagturo sa inyo na magtiwala sa mga pangako ng Panginoon?" o halos anumang tanong na nagsisimula sa "Ano sa palagay ninyo . . . ?"

Isaalang-alang ang mga halimbawang ito:

- Tinanong ng Espiritu si Nephi, "Ano ang ninanais mo?" (1 Nephi 11:10).
- Tinanong ni Jesus ang Kanyang mga disipulo, "Ano ang sabi ninyo kung sino ako?" (Mateo 16:15).
- At sinabi Niya kay Marta, "Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: . . . Sinasampalatayanan mo baga ito?" (Juan 11:25, 26).

Bawat isa sa mga tanong na ito ay nag-anyaya sa isang tao na ibahagi ang kanyang saloobin. At sa bawat pagkakataon, kasunod nito ang isang makapangyarihang espirituwal na karanasan.

## Ang Pagtatanong ay Pagpapakita ng Pagmamahal

Maniwala man kayo o hindi, ang pagtatanong na naghihikayat ng talakayan ay likas na dumarating sa halos lahat—maging sa mga tao na hindi itinuturing ang kanilang sarili na magagaling na guro. Likas natin itong ginagawa tuwing may makabuluhang pakikipag-usap tayo sa mga kaibigan o kapamilya—o nag-uusap-usap lang tayo tungkol sa isang paboritong pelikula habang nananghali. Pero kapag tumayo tayo sa harapan ng mga estudyanteng umaasam, bigla nating nalilimutan ang lahat ng likas na nangyayari.

Kaya siguro mahalagang bahagi ng pagtatanong ng mga bagay na maghihikayat ng magandang talakayan ang isipin natin, "Paano ko itatanong ito kung wala kami sa klase—kung nakaupo lang kaming magkakaibigan sa bahay at nag-uusap tungkol sa ebanghelyo? Paano ko sila aanyayahang ibahagi ang kanilang mga ideya at damdamin?" Ang pagtuturo ay hindi *talaga* parang isang karaniwang pag-uusap ng magkakaibigan, pero may isang bagay na karaniwan sa mga ito: dapat ay bunga ito ng taos-pusong malasakit at tunay na pagmamahal.

Kaya huwag mangamba kung hindi pa kayo bihasa sa mahusay na pagbubuo ng mga tanong. Kahit na ang magagawa lang ninyo ay mahalin ang mga taong tinuturuan ninyo, gagabayan kayo ng Espiritu, at unti-unti kayong lalong huhusay sa pag-alam kung ano ang sasabihin. "Ang pagibig ay hindi nagkukulang kailan man," pahayag ni Pablo (I Mga Taga Corinto 13:8), at totoo iyan maging sa isang bagay na kasing-simple ng pagtatanong ng isang guro sa klase. ■

Maaari ninyong pag-aralan ang anim na uri ng mga tanong sa "Magtanong ng mga Inspiradong Bagay," *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* (2016), 31–32, available sa **pagtuturo.lds.org.**

PAGLALARAWAN NI AUGUSTO ZAMBONATO



MGA IDEYA MULA SA DOKTRINA AT MGA TIPAN TUNGKOL SA

# Ama at sa Anak

*Inihahayag ng aklat na ito ng paghahayag ang nawalang mga katotohanan tungkol sa Panguluhang Diyos at kung paano natin muling makakapiling ang Tagapagligtas at ang Ama sa Langit.*

**Ni Norman W. Gardner**
Seminaries and Institutes

Ang Panunumbalik ng ebanghelyo ay nagbigay sa mundo ng higit na kaalaman tungkol sa katangian ng Panguluhang Diyos at sa Kanilang mga layunin. Sa kaalamang ito, lumalago ang pananampalataya natin sa Kanila at lalo nating hinahangad na sundin ang Kanilang mga utos.

Ang Doktrina at mga Tipan, lalo na, ay tinutulungan tayong malaman ang iba pa tungkol kay Jesucristo dahil itinuturo nito ang mga makapangyarihang katotohanan hinggil sa "Kanyang kabanalan, Kanyang kamahalan, Kanyang kaganapan, Kanyang pagmamahal, at Kanyang kapangyarihang tumubos" (pambungad sa Doktrina at mga Tipan). Kabilang sa aklat na ito ng makabagong paghahayag ang paanyaya ng Panginoon na "matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita" (D at T 19:23). Mapapalalim nito ang ating pag-unawa sa Kanya, ang ating kaugnayan sa Kanya, ang Kanyang nagawa para matubos tayo, at ang inaasahan Niya sa atin.

*UNANG PANGITAIN,* NI WALTER RANE; BACKGROUND © ISTOCK/THINKSTOCK

## Sa Doktrina at mga Tipan, maririnig natin ang tinig ni Jesucristo

Ang Doktrina at mga Tipan ay hindi sinaunang banal na kasulatan ngunit naglalaman ng mga paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith at sa mga humalili sa kanya sa ating makabagong mundo. Maririnig ang banal na tinig ni Jesucristo na nagsasalita bilang kinatawan ng Ama.[1] Ang tinig mismo ng Panginoong Jesucristo ay nakatala nang mas madalas sa Doktrina at mga Tipan kaysa sa pinagsama-samang Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, at Mahalagang Perlas.[2]

**D at T 18:33–35** "Ako, si Jesucristo, na inyong Panginoon at inyong Diyos, ang nagsabi nito. Ang mga salitang ito ay hindi mula sa mga tao . . . , kundi mula sa akin; . . . ang aking tinig ang nangusap ng mga ito sa inyo."



SI JOSEPH SMITH JR. HABANG TUMATANGGAP NG PAGHAHAYAG, NI DANIEL A. LEWIS

*Si Joseph Smith ay tumanggap ng maraming paghahayag mula sa Tagapagligtas.*



*NAGPAKITA ANG PANGINOON SA KIRTLAND TEMPLE,* NI DEL PARSON

*Nakita nina Joseph Smith at Oliver Cowdery si Jesucristo sa Kirtland Temple.*

## Ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng mga salaysay ng mga taong nakakita sa Diyos

Bunga ng Unang Pangitain noong 1820, ang batang si Joseph Smith mismo ay nagtamo ng kaalaman tungkol sa pag-iral ng Ama at ng Anak. Nakatala sa Doktrina at mga Tipan ang iba pang mga pagkakataon na nakita ng mga Propeta at iba pa ang Ama at ang Anak sa mga pangitain o sa personal na pagpapakita. Ang mga salaysay na ito ay nagsisilbing mga makabagong saksi para sa atin na Sila ay buhay at na Sila ang pumatnubay sa Panunumbalik ng ebanghelyo.

**D at T 76:19–23** Nakita ang mga Ama at ang Anak sa pangitain noong Pebrero 1832.

**D at T 137:1–3** Nakita ang Ama at ang Anak sa pangitain noong Enero 1836.

**D at T 110:2–4** Nagpakita ang dakilang Jehova, na si Jesucristo, noong Abril 1836.

## Tinutulungan tayo ng Doktrina at mga Tipan na malaman ang tungkol sa Diyos Ama

Itinuro ni Propetang Joseph Smith: “Kapag nauunawaan natin ang pagkatao ng Diyos, at alam natin kung paano lumapit sa Kanya, sisimulan Niyang ihayag sa atin ang kalangitan. . . . Kapag handa na tayong lumapit sa Kanya, handa Siyang lumapit sa atin.”[3] Tinutulungan tayo ng Doktrina at mga Tipan na mas mapalapit sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagtuturo tungkol sa Kanyang likas na pagkatao, mga katangian, at mga layunin.

**D at T 20:12, 17–18** Ang Diyos Ama ay walang hanggan at hindi nagbabago.

**D at T 76:20, 23** Ang Ama at ang Anak ay magkahiwalay at magkaibang mga nilalang.

**D at T 93:3–5** Ang Ama at ang Anak ay isa.

**D at T 130:22** Ang Ama at ang Anak ay may katawang may laman at mga buto.

**D at T 138:3–4** Mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak, kaya isinugo Niya ang Kanyang Anak upang iligtas ang sangkatauhan.

DETALYE MULA SA *NAKIKITA KO ANG ANAK NG TAO NA NAKATAYO SA KANANG KAMAY NG DIYOS*, NI WALTER RANE



*Habang binabato hanggang sa mamatay, nakita ni Esteban ang Ama at ang Anak.*

DETALYE MULA SA *NAKITA NI MOISES SI JEHOVA*, NI JOSEPH BRICKEY



*Kinausap ni Jehova (Jesucristo) si Moises nang harapan.*

## Tinutulungan tayo ng Doktrina at mga Tipan na matuto tungkol kay Jesucristo

Si Jesucristo ang Panganay sa lahat ng espiritung anak ng Ama sa Langit. Sa premortal na buhay, natamo ni Jesus ang lahat ng kaalaman at kapangyarihan at kinatawan Niya ang Ama bilang Lumikha ng mga daigdig. Sa pamamagitan ng Kanyang banal na kapangyarihan, ang Panginoong Jesucristo ang pinagmumulan ng liwanag at buhay para sa lahat ng Kanyang nilikha. Nililinaw sa Doktrina at mga Tipan ang marami sa Kanyang mga tungkulin sa plano ng Ama.

**D at T 93:21** Si Jesucristo ang Panganay sa lahat ng espiritung anak ng Diyos.

**D at T 38:1–3** Natamo ni Jesucristo ang lahat ng kaalaman at kapangyarihan bago nilikha ang mundo.

**D at T 76:24** Kinatawan ni Jesucristo ang Ama bilang Lumikha ng mga daigdig.

**D at T 88:6–13** Si Jesucristo ang pinagmumulan ng liwanag at buhay para sa lahat ng Kanyang likha.

**D at T 45:11; 136:21, 22** Si Jesucristo ang dakilang Jehova ng Lumang Tipan.

**D at T 43:34** Si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sangkatauhan.

**D at T 18:11–13; 20:21–25** Si Jesucristo ay nagdusa, ipinako sa krus, namatay, at muling nagbangon.

**D at T 29:10–12** Nangako si Jesucristo na babalik sa lupa na may kapangyarihan at kaluwalhatian.



*Sa makabagong paghahayag, maaari nating malaman kung paano maging higit na katulad ng Ama at ng Anak.*

**Tinutulungan tayo ng Doktrina at mga Tipan na malaman kung ano ang inaasahan sa atin ng Ama at ng Anak**

Higit pa sa alinmang aklat ng banal na kasulatan, nililinaw ng Doktrina at mga Tipan kung ano ang buhay na walang hanggan: ang makabalik sa piling ng Ama at ng Anak, tanggapin ang lahat ng mayroon ang Ama, at maging katulad Nila. Sinasabi rin nito sa atin kung paano ito ginagawang posible ni Jesucristo, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, at kung ano ang kailangan nating gawin para magawa ang Kanyang mga ipinagagawa. Bukod pa riyan, natututuhan natin sa Doktrina at mga Tipan ang kahulugan ng pagsunod sa halimbawa ni Jesucristo, yamang, katulad natin, hindi nagkaroon ng kaganapan si Jesucristo sa simula kundi sa halip ay tumanggap Siya nang biyaya sa biyaya hanggang sa taglayin Niya ang buong kapangyarihan at kaluwalhatian.

**D at T 1:32; 19:16–19; 58:42–43; 95:1–2** Nag-aalok ang Tagapagligtas ng kapatawaran sa mga nagsisisi.

**D at T 20:37, 41, 72–74;** tingnan din sa **33:11** Inaanyayahan ng Panguluhang Diyos ang mga naniniwala na magpabinyag at tanggapin ang Espiritu Santo.

**D at T 84:19–21** Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng Melchizedek Priesthood, nahahayag ang kapangyarihan ng kabanalan.

**D at T 93:12–14, 16–17** Tumanggap si Jesucristo nang biyaya sa biyaya hanggang sa magkaroon Siya ng kaganapan.

**D at T 20:30–31** Binibiyayaan ng Tagapagligtas ang mga nagmamahal at naglilingkod sa Kanya.

**D at T 35:2; 50:40–43** Maaari tayong maging kaisa ng Ama at ng Anak.

**D at T 93:19–20** Maaari nating matanggap ang kaluwalhatian at kaganapan ng Ama.

### Ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaan ng huwaran sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman

Bukod sa pagtuturo at pagpapatotoo tungkol sa Ama at sa Anak, ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaan ng huwaran para magtamo ng espirituwal na kaalaman tungkol sa lahat ng miyembro ng Panguluhang Diyos sa tulong ng Espiritu Santo: pag-aralan ang salita ng Panginoon, humiling ng pang-unawa sa Ama sa Langit, at sumampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Ang liwanag at katotohanan ay ipinangako sa mga namumuhay ayon sa lahat ng salita ng Panginoon. Mahalagang malaman ang mga detalye tungkol sa likas na katangian ng Panguluhang Diyos at ang Kanilang mga layunin. Ang kaalamang ito ay maaaring humantong sa masigasig na paghahanap ng espirituwal na pang-unawa at matibay na paniniwala sa katotohanan. Pinagtitibay sa atin ng kaalamang ito na personal tayong kilala ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, na mahal Nila tayo, at nais Nilang biyayaan tayo ng buhay na walang hanggan.

**D at T 6:5; 76:5–10, 114–118** Nais ng Ama sa Langit na humiling tayo ng kaalaman at nangangako Siyang ibahagi ito.

**D at T 84:43–48** Tinuturuan tayo ng Ama kapag masigasig tayong nakikinig sa Kanyang mga salita.

**D at T 88:118** Hangaring matuto sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya.



*Ang pag-aaral at panalangin ay maaaring magbigay-daan sa espirituwal na kaalaman.*

DETALYE MULA SA *NANGANGARAL SI JOSEPH SMITH,* NI SAM LAWLOR




*Inihayag ni Joseph Smith ang katangian at mga layunin ng Ama at ng Anak.*

### Katapusan

Tinutulungan tayo ng Doktrina at mga Tipan na mas mapalapit sa Ama sa Langit at sa Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo sa pamamagitan ng paghahayag ng Kanilang katangian at Kanilang mga layunin. Ibinuod ni Propetang Joseph Smith kung bakit tayo maaaring magtiwala at umasa sa Diyos: "Dakila ang mga layunin ng ating Diyos, walang katapusan ang Kanyang karunungan, at walang hanggan ang Kanyang kapangyarihan; samakatwid, may dahilan ang mga Banal para magalak at magsaya, batid na 'ang Dios na ito ay ating Dios magpakailanman-kailan man' (Awit 48:14)."[4] ■

**MGA TALA**

1. Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972): "Lahat ng paghahayag mula noong pagkahulog ay dumating sa pamamagitan ni Jesucristo, na siyang Jehova ng Lumang Tipan. Sa buong banal na kasulatan, kung saan binanggit ang Diyos at nagpakita siya, iyon ay si Jehova. . . . Ang Ama ay hindi kailanman nakitungo nang tuwiran at personal sa tao mula noong pagkahulog, at hindi nagpakita kailanman maliban para ipakilala at patunayan ang Anak" (*Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 1:27).
2. Tingnan sa Gordon B. Holbrook, "The Voice of Jesus Christ in the Doctrine and Covenants," *Ensign,* Set. 2013, 40, 45 (note 2).
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 48.
4. *Mga Turo: Joseph Smith,* 46.



# GORDON B. HINCKLEY: ISANG PROPETANG MAY MAGANDANG PANANAW AT PANGARAP

*Habang pinag-aaralan ninyo ang* Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley *sa priesthood at Relief Society ngayong taon, matututo kayo mula sa isang propetang walang limitasyon ang magandang pananaw, pagmamahal, at plano para sa hinaharap.*

*Si Gordon B. Hinckley ay isinilang noong Hunyo 23, 1910, kina Bryant Stringham Hinckley at Ada Bitner Hinckley. Pinakasalan niya si Marjorie Pay sa Salt Lake Temple noong Abril 29, 1937, at nagkaroon sila ng limang anak. Naglingkod siya bilang ika-15 Pangulo ng Simbahan mula Marso 12, 1995, hanggang Enero 27, 2008.*

**Ni Andrew D. Olsen**
Church Publishing Services Department

"Kailangan kong magtanim ng ilang puno bawat tagsibol," pagtatala ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa kanyang journal sa edad na 82. "Palagay ko nagawa ko na ito kahit nito lang huling 50 taon. . . . May magandang bagay tungkol sa isang puno. Nagsisimula ito nang napakaliit at lumalaki sa paglipas ng mga panahon. Nagbibigay ito ng lilim mula sa init ng araw sa tag-init. Matamis ang bunga nito. Ipinagpapatuloy nito ang pambihirang proseso ng photosynthesis. . . . Ang puno ay isa sa pambihirang mga likha ng Maykapal."[1]



Patuloy na nagtanim ng mga puno si Pangulong Hinckley hanggang sa edad niyang 90s. Sa maraming paraan, ang hilig niyang magtanim ay namalas sa kanyang ministeryo bilang Apostol at bilang Pangulo ng Simbahan. Kapag siya ay nagtanim, iyon ay pagpapakita ng magandang pananaw, isang katangian na naging bahagi rin ng kanyang mga turo at pakikipag-ugnayan sa iba. Inalagaan niya ang bawat puno, tulad ng ginawa niya sa bawat tao. At malayo ang tingin niya sa hinaharap, na nakikita ang kahihinatnan ng mga puno—tulad nang makita niya ang walang-hanggang potensyal ng bawat tao at ang dakilang hinaharap ng gawain ng Diyos.

### "Marami Tayong Dahilan para Magkaroon ng Magandang Pananaw"

"Ako ay isang taong naniniwala na magiging mabuti ang lahat!" madalas sabihin ni Pangulong Hinckley. "Nakikiusap ako na ihinto na natin ang paghahanap ng mga unos at higit na tamasahin ang liwanag [sikat ng araw]."[2] Mas lumalim pa ang kanyang magandang pananaw kaysa pagkakaroon lang ng positibong pananaw, bagama't pinagyaman niya ito. Ang tunay na pinagmulan ng kanyang magandang pananaw—ang pinagmulan na nagbigay rito ng kapangyarihan—ay ang kanyang pananampalataya sa Diyos at ang kanyang patotoo tungkol sa plano ng Diyos para sa kaligayahan at kaligtasan ng Kanyang mga anak.

Ang isang pagpapamalas ng magandang pananaw ni Pangulong Hinckley ay ang kanyang matibay na paniniwala na "magiging maayos ang lahat."[3] Ang pahayag na iyon, sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay "ang maaaring paulit-ulit na katiyakang ibinibigay ni Pangulong Hinckley sa pamilya, mga kaibigan, at mga kasamahan. 'Patuloy na magsikap,' ang sasabihin niya. 'Maniwala. Maging masaya. Huwag panghinaan ng loob. Magiging maayos ang lahat.'"[4]

LARAWAN NG PUNO © ISTOCK/THINKSTOCK

Gayunman, ang mensaheng ito ay hindi lamang para sa iba. "Sinasabi ko iyan sa sarili ko tuwing umaga," sabi ni Pangulong Hinckley sa isang kongregasyon. "Kung gagawin ninyo ang lahat ng kaya ninyo, magiging maayos ang lahat. Magtiwala sa Diyos, at sumulong nang may pananampalataya at tiwala sa hinaharap. Hindi tayo pababayaan ng Panginoon."[5]

Ang magandang pananaw ni Pangulong Hinckley ay sumuporta sa kanya sa mga oras ng pagsubok, damdamin ng kakulangan, at mabibigat na problema. At nanindigan siya sa kanyang paniniwala na "magiging maayos ang lahat" kahit dumanas siya ng mga problema at kabiguan, pighati at lumbay.



Sa kanyang magandang pananaw, hindi binawasan ni Pangulong Hinckley ang mga problema. Ipinaliwanag niya: "Marami na akong nakita sa mundong ito. . . . Nakapunta na ako sa mga lugar kung saan nagngangalit ang digmaan at naghahari ang poot sa puso ng mga tao. Nakita ko na ang nakapanlulumong pagdarahop sa maraming lupain. . . . Namasdan ko nang may takot ang gumuguhong moralidad ng ating lipunan.

"Gayunpama'y may maganda akong pananaw. Simple at taimtim ang pananampalataya ko na magtatagumpay ang kabutihan at mananaig ang katotohanan."[6]

Sa interbyu ng isang *New York Times* reporter sa Nauvoo, Illinois, USA, inamin ni Pangulong Hinckley ang laganap na mga trahedya at problema, at pagkatapos ay humugot siya ng lakas sa kanyang pagkahilig sa kasaysayan ng Simbahan para magturo tungkol sa magandang pananaw:

"Nasa atin ang bawat dahilan upang maging maganda ang pananaw. . . . Tingnan ninyo ang Nauvoo. Tingnan ninyo ang itinayo nila rito sa loob ng pitong taon at pagkatapos ay umalis sila. Pero ano ang ginawa nila? Humilata lang ba sila at namatay? Hindi! Nagtrabaho sila! Lumipat sila sa kabilang panig ng kontinenteng ito at pinamulaklak nilang parang rosas ang lupa sa disyerto. Sa pundasyong iyon lumago ang simbahang ito at naging isang malaking pandaigdigang organisasyon na naghahatid ng kabutihan sa buhay ng mga tao sa mahigit 140 mga bansa. Hindi kayo maaaring, huwag kayong, sumalig sa negatibong pananaw o paghihinala. Magkaroon ng magandang pananaw, magsikap nang may pananampalataya, at mangyayari ang mga bagay-bagay."[7]

Ang magandang pananaw ni Pangulong Hinckley ay nakaimpluwensya rin sa hilig niyang magpatawa—isang masaya at nakawiwiling talino na nakabuo ng ugnayan sa iba. Minsa'y nakitira siya sa isang stake president na ang pamilya ay nakatira sa isang lumang gusali ng paaralan na ginawa nilang tahanan. Noong gabing iyon, nagsilbing kuwarto ni Pangulong Hinckley ang isang silid-aralan. Sa stake conference kinabukasan, pabiro niyang sinabi, "[Nakatulog] ako sa maraming pagkakataon sa mga silid-aralan noong araw—pero hindi kailanman sa isang kama."[8]

### "Ang Ating Malasakit ay Kailangang Palaging Nakatuon sa Tao"

Sa una niyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, nagsalita nang malawakan si Gordon B. Hinckley tungkol sa paglago ng Simbahan. "Tayo ay naging isang malaking pandaigdigang samahan," sabi niya. Pagkatapos ay binigyang-diin niya ang mahalagang alituntuning ito: "Ang ating interes at malasakit ay kailangang palaging nakatuon sa tao. . . .

". . . Nagsasalita tayo ayon sa dami ng mga miyembro, ngunit lahat ng pagsisikap natin ay kailangang ilaan sa pag-unlad ng bawat tao."[9]

Noong miyembro siya ng Korum ng Labindalawang Apostol, naglakbay si Pangulong Hinckley sa ilan sa mga pinakaliblib na lugar sa mundo, pati na sa mga lugar na may digmaan, upang maglingkod sa mga tao. Walang grupong napakalayo o napakaliit para hindi niya bigyang-pansin. Patuloy niya itong ginawa bilang Pangulo ng Simbahan, na naglalakbay nang mahigit isang milyong milya sa mahigit 60 bansa, kung minsan ay para makipagpulong sa malalaking grupo, kung minsan ay sa iilan lamang.

Noong 1996, naglakbay nang 18 araw sina Pangulo at Sister Hinckley sa walong bansa sa Asia at sa Pacific. Simula sa Japan at kumikilos nang buong sigla, pinulong nila ang libu-libong tao na pumuno sa bawat pagdausan nila ng pulong. "Madamdamin ang mga karanasang ito para sa akin," pagtatala ni Pangulong Hinckley habang nasa Korea. "Nakikita ko ang mga bagay na hindi ko pinangarap

BACKGROUND © ISTOCK/THINKSTOCK; KALIWA: LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; KANAN: LARAWANG KUHA NI GERRY AVANT SA CHINA, *DESERET NEWS*; KANANG IBABA: LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY AND ARCHIVES

nang una akong pumarito noong 1960."[10] Sa biyaheng ito inilaan din niya ang Hong Kong China Temple.

Ang huling lugar na pupuntahan niya noon ay ang Pilipinas. Matapos magsalita sa 35,000 katao sa Maynila, itinala ni Pangulong Hinckley, "Tumayo ako at kumaway sa kanila nang may malaking pagmamahal sa puso ko. Umalis kami na may mga luha sa aming mga mata." Maaga pa noong araw na iyon nagbalik siya sa lugar kung saan siya nag-alay ng panalangin ng paglalaan, noong 1961, para simulan ang gawaing misyonero sa Pilipinas. "Isang katutubong miyembrong Pilipino lang ang nakita namin," paggunita niya. "Mula sa isang miyembrong iyon umabot na sa mahigit 300,000 ang mga miyembro ng Simbahan."[11]

Nang pauwi na ang mga Hinckley, nalaman nila na magpapakarga ng gasolina ang eroplano sa pulo ng Saipan. Nagtanong si Pangulong Hinckley kung may mga missionary sa Saipan at sinabihan siya na kakaunti lang ang mga missionary doon. Bagama't patapos na ang nakapapagod na paglalakbay, ginusto niyang makausap ang iilang missionary na iyon: "Itinanong ko kung maaari naming ipasabi sa kanila na lalapag kami sa Saipan nang mga alas-7:00 n.g. at sisikapin naming lumabas ng airport para batiin sila."


Pagkaraan ng ilang oras sa Saipan, 10 missionary at mga 60 miyembro ng Simbahan ang naroon para salubungin ang mga Hinckley. "Niyakap nila kami," pagtatala ni Pangulong Hinckley. "Malaki ang pasasalamat nila na makita kami, at nagpasalamat kaming makita sila. Maikling panahon lang namin silang nakasama dahil maikling panahon lang ang kinailangan para kargahan ng gasolina ang eroplano. Binasbasan namin sila at bumalik na kami sa eroplano."[12]

Ang isa pang tipikal na halimbawa ng malasakit ni Pangulong Hinckley sa isang indibiduwal ay nangyari noong 2002 Winter Olympics, na ginanap sa Salt Lake City, Utah. Halos araw-araw ay kausap niya ang mga pangulo, embahador, at iba pang matataas na pinuno. Isang araw, bago kausapin ang pangulo ng Germany, kinausap niya ang isang 13-taong-gulang na dalagita sa kaarawan nito. "May sakit [siya] na aplastic anemia, isang napakalubhang karamdaman," pagtatala niya. "Naging kalugud-lugod ang aming pag-uusap. . . . Sinabi ko sa kanya na ipagdarasal namin siya."[13]

Espesyal ang pagmamahal ni Pangulong Hinckley para sa mga bata at kabataan ng Simbahan, at gayon din ang nadama nila para sa kanya. Matapos siyang magsalita sa Brazil, ipinahayag ng isang dalaga: "Nadama ko nang matindi ang Espiritu ng Diyos. Nang tinatapos na ni Pangulong Hinckley ang kanyang mensahe, sinabi niya sa amin, 'Maaaring sa paglisan ninyo, at pag-uwi, ay malimutan ninyo ang lahat ng sinabi ko ngayon dito, pero huwag na huwag ninyong kalilimutan na mahal ko kayo.' Hinding-hindi ko malilimutan ang mga salitang iyon."[14]

Ang maybahay ni Pangulong Hinckley na si Marjorie ay katuwang at impluwensya sa malasakit niya sa mga tao. Itinala niya: "Tila mahal siya ng lahat ng kakilala niya dahil tunay ang malasakit niya sa mga tao. Nag-aalala siya sa kanilang mga problema at pangangailangan. Napakapalad kong magkaroon ng gayong kabiyak."[15]





*Paikot mula sa kaliwang itaas pakanan: Si Pangulong Hinckley habang kausap ang mga miyembro; kasama ang kanyang asawang si Marjorie sa Hong Kong, China; nag-iisip-isip sa pangkalahatang kumperensya.*

Nang malalaki na ang kanilang limang anak, karaniwan ay magkasamang maglakbay ang mga Hinckley, at ipinaabot ni Sister Hinckley ang kanyang pagmamahal sa buong mundo. Kapag may nakikilala siyang mga missionary, madalas ay walang pasubali niyang tinatawagan sa telepono ang kanilang mga magulang pag-uwi niya. Mahusay din siyang makipag-ugnayan sa maraming manonood. "Alam [ni Marge] kung paano magsabi ng mga bagay na nakasisiya at nakakatulong sa mga tao," pagtatala ni Pangulong Hinckley pagkaraan ng isang regional conference. "Ang iba sa amin ay nangangaral samantalang kinakausap lang niya sila."[16]


Sa burol ni Pangulong Hinckley, ibinuod ni Pangulong Henry B. Eyring, na isa sa kanyang mga tagapayo, ang ilan sa kanyang mga nagawa. Pagkatapos ay pinuna niya na

lahat ng nagawang ito ay may isang bagay na karaniwan:

"Ang mga ito ay palaging upang biyayaan ng oportunidad ang mga indibiduwal. At inisip niya palagi ang mga taong halos walang oportunidad, ang karaniwang taong nahihirapang kayanin ang mga paghihirap sa buhay sa araw-araw at ang hamon na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi lang niya minsang itinuro ang kanyang daliri sa aking dibdib nang magmungkahi ako at sinabi niyang, 'Hal, naalala mo ba ang taong nahihirapan?' "[17]







*Paikot mula sa kaliwang itaas pakanan: Si Pangulong Hinckley sa Boston Massachusetts Temple; kahalubilo ang news media; kasama ang mga miyembro sa Ghana.*

## Pangarap sa Hinaharap

May kaugnayan sa magandang pananaw at pagtuon ng pansin ni Pangulong Hinckley sa mga tao ang pangarap niya para sa hinaharap bilang propeta. Kung pag-iisipang mabuti, ang pangarap niyang iyon ay tungkol sa mga templo. Ang mga ordenansa ng templo, pagbibigay-diin ni Pangulong Hinckley, "ang sukdulang mga pagpapalang maibibigay ng Simbahan."[18]

Nang siya ay maging Pangulo ng Simbahan noong 1995, may 47 templong gumagana sa buong mundo. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, mahigit pa sa doble ng bilang na ito ang ginawa ng Simbahan sa loob ng mahigit limang taon. Ang pangarap niya hinggil sa mga templo ay mapangahas at malawak, ngunit ang buong layunin ay isa-isang biyayaan ang mga indibiduwal.

Dumating ang inspirasyon para sa bagong panahong ito ng pagtatayo ng templo noong 1997 nang magpunta si Pangulong Hinckley sa Colonia Juárez, Mexico, para gunitain ang ika-100 anibersaryo ng isang paaralang pag-aari ng Simbahan. Pagkatapos, sa isang mahaba at maalikabok na paglalakbay, nagmuni-muni siya. "Tumahimik," paggunita ng kanyang secretary na si Don H. Staheli. "At pagkatapos, sa pagkaunawa ko, nagsimulang dumating ang paghahayag. Naisip niya ang mas maliliit na templo noong araw, ngunit hindi sa paraang naisip niya sa pagkakataong ito."[19]

Kalauna'y inilarawan ni Pangulong Hinckley ang proseso: "Sinimulan kong itanong sa sarili ko kung ano ang magagawa para posibleng magkaroon ng templo ang mga taong ito. . . . Habang pinagninilayan ito, pumasok ang ideya sa isipan ko na . . . maaari nating itayo ang lahat ng mahalagang bahagi ng isang templo sa medyo maliit na gusali. . . . Nagkrokis ako ng isang plano. . . . Napakalinaw na pumasok ang buong plano sa aking isipan. Buong puso akong naniniwala na inspirasyon iyon, na paghahayag iyon mula sa Panginoon. Umuwi ako at kinausap ko ang aking mga tagapayo tungkol doon, at inaprubahan nila iyon. Pagkatapos ay ipinakita ko iyon sa Labindalawa, at inaprubahan nila iyon."[20]

Makalipas ang apat na buwan sa pangkalahatang kumperensya, gumawa ng makasaysayang pahayag si Pangulong Hinckley na sisimulan ng Simbahan na magtayo ng mas maliliit na templo sa mga lugar kung saan hindi sapat ang dami ng mga miyembro para makapagpatayo ng mas malalaking templo. "Hinangad namin . . . na ilapit ang mga templo sa mga tao at ibigay sa kanila ang lahat ng pagkakataon para sa napakahahalagang pagpapalang dulot ng pagsamba sa templo," wika niya.[21]

Nang sumunod na pangkalahatang kumperensya, gumawa ng isa pang makasaysayang pahayag si Pangulong Hinckley, at sinabi na nagpaplano silang magkaroon ng 100 templong gumagana sa pagtatapos ng taong 2000. "Sumusulong tayo sa antas na hindi pa nangyari kahit kailan," paglalahad niya.[22] Nang ireport niya ang progreso ng pagtatayo ng templo noong Abril 1999, ginamit niya ang pamilyar na mga katagang: "Napakalaking gawain niyan, at maraming problema, pero kahit anong hirap, maayos ang lahat at tiwala ako na matutupad natin ang ating mithiin."[23]

Noong Oktubre 2000, naglakbay si Pangulong Hinckley patungong Boston, Massachusetts, USA, para ilaan ang ika-100 templo ng Simbahan—isa sa 21 inilaan niya sa taon na iyon sa apat na kontinente. Nang siya ay sumakabilang-buhay, 124 na templo ang nakumpleto at 13 pa ang ibinalitang itatayo o kasalukuyang itinatayo.

Ang pangarap ni Pangulong Hinckley ang naghikayat sa kanya na maghangad ng inspirasyon tungkol sa iba pang

KALIWANG ITAAS: LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY AND ARCHIVES

mga paraan para mapagpala ang mga anak ng Diyos. Naghinagpis siya dahil sa pagdurusa at kahirapang nakita niya, kaya iniutos niya na palawakin nang husto ang kawanggawa ng Simbahan, lalo na sa mga hindi miyembro ng Simbahan. Pinasimulan din niya ang Perpetual Education Fund para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan sa mga bansang naghihirap. Mula sa pondong ito, maaari silang makautang ng pambayad ng matrikula para sa pag-aaral na kailangan nila upang makakuha ng mas magandang trabaho, na makakatulong sa kanila na makaahon sa kahirapan at makaasa sa kanilang sarili. Hanggang 2016, mahigit 80,000 indibiduwal ang nabigyan ng pagkakataong makapag-aral o makapag-training na ginawang posible ng mga pautang mula sa pondong ito.



Maraming iba pang halimbawa ng pangarap mangyari ni Pangulong Hinckley bilang propeta, tulad ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" at pagtatayo ng Conference Center, ang kasama sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley*.

## "Ang Aking Patotoo"

Ilang araw bago sumapit ang kanyang ika-91 kaarawan, itinala ni Pangulong Hinckley: "Hindi ko na kailangang magtanim, pero gagawin ko. Likas iyan sa akin."[24] Anuman ang kanyang edad, binatang missionary man o 97-taong-gulang na propeta, likas din sa kanya ang magtanim at magpalago ng mga binhi ng ebanghelyo sa puso ng mga tao sa buong mundo. Naglingkod siya nang 20 taon bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Pagkatapos ay naglingkod siya nang 14 na taon bilang tagapayo sa Unang Panguluhan. Nang siya ay maging Pangulo ng Simbahan sa edad na 84, pinamunuan niya ito sa loob halos ng 13 taon ng aktibong pag-unlad.

Pinakamahalagang bahagi ng habambuhay na paglilingkod ni Pangulong Hinckley ang kanyang patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Sa isang mensahe ng pangkalahatang kumperensya na pinamagatang "Ang Aking Patotoo," ipinahayag niya ang sumusunod na patotoo, na sinasambit ang ilang bahagi nito sa gitna ng mga luha:

"Sa lahat ng bagay na pinasasalamatan ko sa umagang ito, ang isang ito ay tumatayong katangi-tangi. Iyon ay ang buhay na patotoo kay Jesucristo. . . .

*"Siya ay aking Tagapagligtas at aking Manunubos*. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang buhay sa pagpapakasakit at di-matatawarang paghihirap, bumaba Siya upang ako'y abutin, ang bawat isa sa atin, at ang lahat ng anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, mula sa kailaliman ng walang hanggang kadiliman pagkatapos ng kamatayan. . . .

*"Siya ay aking Diyos at aking Hari*. Mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan, Siya ang maghahari at mamumuno bilang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon. Hindi magkakaroon ng katapusan sa Kanyang pamamahala. Walang gabi sa Kanyang kaluwalhatian. . . .

"Hatid ang pasasalamat, at di-nagmamaliw na pagmamahal, pinatototohanan ko ang mga bagay na ito sa Kanyang Banal na pangalan."[25] ■

**MGA TALA**

1. Gordon B. Hinckley journal, Mar. 22, 1993.
2. Gordon B. Hinckley, *Standing for Something: Ten Neglected Virtues That Will Heal Our Hearts and Homes* (2000), 101.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 78.
4. Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," *Ensign,* Hunyo 1995, 4.
5. *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 380–81.
6. Sa Conference Report, Okt. 1969, 113.
7. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 412.
8. Journal, Nob. 4, 1973.
9. *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 333–34.
10. Journal, Mayo 22, 1996.
11. Journal, Mayo 30, 1996.
12. Journal, Hunyo 1, 1996.
13. Journal, Peb. 22, 2002.
14. Sa "Nagsalita ang Propeta sa mga Kabataan," *Bilang Pag-alaala: Pangulong Gordon B. Hinckley, 1910–2008* (suplemento sa *Liahona,* Abr. 2008), 15.
15. Journal, Nob. 23, 1974.
16. Journal, Mayo 14, 1995.
17. Henry B. Eyring, sa *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 226.
18. Sa *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 350.
19. Don H. Staheli oral history transcript (2012), 85, Church History Library.
20. Journal, Mar. 6, 1999. Ang entry na ito ay buod ng kanyang mensahe sa unang sesyon ng paglalaan ng Colonia Juárez Mexico Temple. Mahigit 20 taon nang iniisip ni Pangulong Hinckley ang konsepto ng mas maliliit na templo (tingnan sa *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 38, 345–46).
21. Gordon B. Hinckley, "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," *Ensign,* Nob. 1997, 50.
22. *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 347.
23. Gordon B. Hinckley, "The Work Moves Forward," *Ensign,* Mayo 1999, 4.
24. Journal, Hunyo 18, 2001.
25. *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 359–61.





**Ni Elder Christoffel Golden**
Ng Pitumpu

# Matatag

## SA ATING PATOTOO TUNGKOL SA TAGAPAGLIGTAS

*Bawat isa sa atin ay hihilingang kumilos sa mahihirap ngunit mahahalagang sandali. Ang mga sandaling ito ang magpapasiya kung sino tayo at kung ano ang ating kinahinatnan.*

Noong binata ako maraming taon na ang nakalipas, tinawag akong magsundalo—o ang tawag natin dito ay, "conscripted"—sa South African military. Itinalaga ako sa isang squad ng mga sundalong mabubuting tao ngunit may kagaspangan ang pananalita at kilos na kung minsan ay nakikita sa mga lalaking naglilingkod sa militar.

Naliligiran ng gayong mga impluwensya, natuklasan ko na hindi laging madaling ipamuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo. Ngunit sa simula pa lang ng paglilingkod ko sa militar, nalugod akong panindigan ang aking mga pinaniniwalaan. Nilinaw ko na hindi ako makikisali sa gawain na alam kong mali. Natutuwa akong sabihin na ang mga sundalo sa aming squad—bagama't noong una'y atubili ang ilan—ay natutong igalang ang mga pamantayan ko.

Minsan, sa isang military training camp, ang grupo namin ay nakatayo sa paligid ng campfire sa isang maganda, madilim, walang ulap, at mabituing gabi. Ang ilan sa mga sundalo sa aming squad ay umiinom ng serbesa habang sumisipsip ako ng soft drink. Nakakawili ang usapan, at walang masagwang pananalita.

Habang nag-uusap-usap kami, nakisali ang ilang sundalo mula sa isa pang unit sa masayang grupo namin. Bumaling sa akin ang isa sa mga sundalong ito at, nang mapansin ang hawak kong soft drink, kinutya ako sa hindi ko pagsali sa mga sundalo sa pag-inom ng serbesa. Bago pa ako nakasagot, nagulat ako sa isa sa mga kaibigan ko nang pagsabihan niya ang sundalo.

"Umalis na po kayo, sir," sabi niya. "Hindi namin papayagang pagsalitaan ng sinuman si Chris nang ganyan! Katunayan, siya lang ang sundalong kasama natin na tunay na Kristiyano ang pamumuhay."

MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Sa gayon, tahimik na umalis ang taong pinagsabihan patungo sa kadiliman ng gabi. Sa sandaling iyon, bagama't medyo napahiya sa di-inaasahang papuri, tahimik akong nagpasalamat na napili kong sundin ang payo ni Pablo na maging "uliran ng mga nagsisisampalataya" (I Kay Timoteo 4:12).

Kayo man ay nahaharap sa mga pagpili, lalo na sa panahong ito ng inyong buhay, na ang inyong espiritu ay nakatuon at bukas sa malalaking pagkakataong naghihintay sa inyo. Ang tanong ay, ano ang gugustuhin ninyong isulat tungkol sa inyong sarili makalipas ang 5, 10, o 20 taon—o maging sa katapusan ng inyong buhay?

## Ano ang Ibig Sabihin ng Maging Matatag?

Sa isa sa pinaka-pambihirang pangitaing nakatala sa banal na kasulatan, inilarawan ni Propetang Joseph Smith ang kalagayan ng mga taong magmamana ng kahariang selestiyal matapos silang mabuhay na mag-uli at mahatulan. Inihahayag din ng bahaging ito sa Doktrina at mga Tipan (bahagi 76) ang mga kalagayan at sitwasyon ng mga taong hindi angkop para sa kahariang selestiyal kundi sa halip ay piniling magmana ng terestriyal at telestiyal na kaharian.

Sa pagsasalita tungkol sa mga magmamana ng kahariang terestriyal, itinuturo sa atin ng paghahayag na sila "ang . . . mararangal na tao sa lupa, na nabulag ng panlilinlang ng mga tao . . . [at] tumanggap ng kaluwalhatian [ng Diyos], subalit hindi ng kanyang kaganapan" (D at T 76:75–76). Pagkatapos ay natutuhan natin ang kamangha-manghang alituntuning ito: "Sila ang mga taong *hindi matatatag ang pagpapatotoo kay Jesus;* dahil dito, hindi nila natamo ang putong ng kaharian ng ating Diyos" (D at T 76:79; idinagdag ang pagbibigay-diin).

*Ang maging matatag ay ang ipamuhay ang ating relihiyon, gawin ang ating ipinangangaral, at sundin ang mga kautusan.*

Isipin iyan sandali. Hahayaan ba natin na mawalan tayo ng pagkakataong makapasok sa kaluwalhatian ng kahariang selestiyal, kasama ang lahat ng malalaki at walang-hanggang pagpapala nito, dahil lang sa hindi matatag ang ating patotoo kay Jesus dito sa lupa sa maikling panahon ng pagsubok sa ating buhay?

Ano ang ibig sabihin ng maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus? Ipinahayag ng makabagong Apostol ng Panginoon:

"Ito ay ang maging matapang at mapangahas; gamitin ang ating buong lakas, sigla, at kakayahan sa espirituwal na pakikibaka sa mundo; makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya. . . . Ang dakilang pundasyon ng kagitingan alang-alang sa kabanalan ay pagsunod sa buong batas ng buong ebanghelyo.

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay ang 'lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya'; ito ay ang pagkaitan ang ating sarili 'ng lahat ng kasamaan,' at 'ibigin ang Diyos' nang buo nating 'kakayahan, pag-iisip, at lakas.' (Moroni 10:32.)

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay ang maniwala kay Cristo at sa kanyang ebanghelyo nang may di-natitinag na pananalig. Ito ay ang malaman ang katunayan at kabanalan ng gawain ng Panginoon sa lupa. . . .

"Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa 'paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao.' Ito ay ang 'magtiis hanggang wakas.' (2 Nephi 31:20.) Ito ay ang ipamuhay ang ating relihiyon, gawin ang ating ipinangangaral, sundin ang mga kautusan. Ito ay pagpapakita ng 'dalisay na relihion' sa buhay ng mga tao; ito ay pagdalaw sa 'mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian' at panatilihing 'walang dungis ang [ating] sarili sa sanglibutan.' (Santiago 1:27.)

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay ang pigilin ang simbuyo ng ating damdamin, kontrolin ang ating mga pagnanasa, at iwaksi ang mga bagay na makamundo at masama. Ito ay ang madaig ang mundo tulad ng ginawa niya na ating huwaran at ang pinakamatatag sa lahat ng anak ng ating Ama. Ito ay ang maging malinis ang moralidad, magbayad ng ating mga ikapu at handog, igalang ang araw ng Sabbath, manalangin nang may buong layunin ng puso, ialay ang lahat sa altar kung ipagawa iyon sa atin.

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay ang pumanig sa Panginoon sa lahat ng bagay. Ito ay ang pumili na katulad ng pagpili niya. Ito ay ang isipin ang iniisip niya, paniwalaan ang kanyang pinaniniwalaan, sambitin ang kanyang sasambitin at gawin ang kanyang gagawin sa iisang sitwasyon. Ito ay ang isipin ang nasa isipan ni Cristo at makiisa sa kanya tulad ng pakikiisa niya sa kanyang Ama."[1]

Ngayo'y kailangan kong idagdag ang isang bagay na itinuro ng ating Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo, sa Kanyang ministeryo noong nabubuhay Siya sa lupa:

"Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak.

"Sapagka't ako'y naparito upang papagalitin ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa



kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyenang babae.

"At ang magiging kaaway ng tao ay ang kaniya ring sariling kasangbahay.

"Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin.

"Ang hindi nagpapasan ng kaniyang krus at hindi sumusunod sa akin, ay hindi karapatdapat sa akin."

"Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon" (Mateo 10:34–39).

Ang ating layunin sa buhay na ito humigit-kumulang ay maghandang makapiling na muli ang ating pinakamamahal na Ama sa Langit bilang pantay na tagapagmana ni Jesucristo. Ang maluwalhating buhay sa walang-hanggang mga pamilya katabi ang ating asawang babae o asawang lalaki at ang ating mga anak at kaanak ay para sa lahat bagaman daranasin ng ilan ang mga pagpapalang ito balang-araw sa kabilang-buhay.

Kinakailangan ng gayong mga pagpapala na pasanin natin ang ating krus at manatili tayong matatag hanggang wakas sa pagpapatotoo at paglilingkod sa ating Panginoon at Tagapagligtas.

## Maghandang Kumilos

Ang landas na kailangang tahakin ng bawat isa sa atin ay puno ng napakaraming oportunidad at mga hamon. Maraming desisyong ipinagagawa sa atin araw-araw—na ang ilan ay maliliit at tila hindi mahalaga, at ang iba naman ay masidhi at nagtatagal ang mga epekto.

Totoo ngunit mahirap tanggapin na bawat isa sa atin ay hihilingang kumilos sa mahihirap at mahahalagang sandali. Ang mga sandaling ito ang magpapasiya kung sino tayo at kung ano ang ating kinahinatnan. Ang mga ito ay kadalasang dumarating kapag hindi maginhawa at popular na kumilos nang tama at buong tapang. Makikita ninyo



habang isinusulat ninyo ang kuwento ng inyong buhay na ang pinakamahahalagang sandaling makakaharap ninyo ay nangyayari kapag kayo ay naninindigang mag-isa.

May kuwento ako rito tungkol sa paninindigang mag-isa sa gitna ng matinding oposisyon. Isang araw noong Nobyembre 1838, ikinadena at ikinulong si Propetang Joseph Smith at ang iba pa, pati na si Elder Parley P. Pratt (1807–57), sa Richmond, Missouri, USA.

Itinala ni Elder Pratt ang sumusunod na pangyayari habang sila ay nakakulong:

"Sa isa sa nakakapagod na mga gabing iyon nahimlay kami na parang tulog hanggang sa lumipas ang hatinggabi, at nasaktan ang aming mga tainga at puso, sa pakikinig nang maraming oras sa malalaswang biro, nakasusuklam na mga pagmumura, nakakatakot na mga paglapastangan sa Diyos at mahahalay na pananalita ng mga bantay namin, na si Colonel Price ang pinuno, habang ikinukuwento nila sa isa't isa ang ginawa nilang mga pandarambong, pagpatay, pagnanakaw, atbp., na ginawa nila sa *'mga Mormon'* habang nasa Far West [Missouri] at paligid. Ipinagyabang pa nila na sapilitan nilang ginahasa ang mga babaeng may-asawa, mga anak na babae at dalaga, at binaril o pinasabog ang utak ng mga lalaki, babae at bata.

Nakinig ako hanggang sa makaramdam ako ng pagkasuklam, sindak, takot, at dama ang poot sa di-makatarungang pagtratong iyon kung kaya't di ko halos mapigilang tumayo at pagsalitaan ang mga bantay; ngunit wala akong sinabi kay Joseph, ni kaninuman, gayong katabi ko siya at alam kong siya ay gising. Maya-maya'y bigla siyang bumangon, at nagsalita sa tinig na parang kulog, o ng isang umaatungal na leon, at nagsalita, sa alaala ko, ng mga salitang ito:

"'TUMAHIMIK, kayong mga diyablo ng impiyerno. Sa pangalan ni Jesucristo ay pinagsasabihan ko kayo, at inuutusang manahimik; hindi ko na hahayaan pang makarinig ng ganyang pananalita. Tumahimik kayo, o isa sa atin ang mamamatay SA ORAS NA ITO!'

"Huminto siya sa pagsasalita. Tumayo siya nang matuwid na may nakasisindak na [karingalan]. Naka[kadena], at walang armas; mahinahon, hindi nababalisa at

marangal na tulad ng isang anghel, tiningnan niya ang mga nanliliit sa takot na tanod, habang ibinababa ang mga armas at binitiwan ito sa lupa; na nangatiklop ang mga tuhod, at nanliit sa isang sulok, o yumukyok sa kanyang paanan, at hiningi ang kanyang patawad, at nanatiling tahimik hanggang sa magpalit ng mga tanod."[2]

Ang lakas-ng-loob na ipinakita ni Propetang Joseph Smith ay hindi nakalaan sa mga propeta o nakatatandang mga miyembro ng Simbahan. Napatunayan ito sa isang pangyayari sa buhay ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918). Noong taglagas ng 1857, habang pabalik mula sa kanyang misyon sa Hawaii, USA, ang 19-na-taong-gulang na si Joseph F., sumama siya sa isang wagon train sa California, USA. Mahirap na panahon iyon para sa mga Banal. Naglalakad ang Johnston's Army papuntang Utah, at masama ang loob ng marami sa Simbahan.

Isang gabi, sumakay ang ilang siga-siga sa wagon train camp, na nagmumura at nagbabantang saktan ang bawat Mormon na matagpuan nila. Nagtago ang karamihan ng nasa wagon train sa damuhan, ngunit naisip ni Joseph F. sa kanyang sarili: "Tatakas ba ako sa mga taong ito? Bakit ako matatakot sa kanila?"

Sa gayon, nilapitan niya ang isa sa mga pangahas, na nagtanong, habang hawak ang baril, "Ikaw ba ay 'Mormon'?"

Sumagot si Joseph F., "[Opo; tunay na tunay; tapat na tapat, tagos sa kaluluwa.]"

Dahil diyan, sinunggaban ng siga-siga ang kanyang kamay at sinabing, "Aba, ikaw ang ——— ——— pinaka-nakalulugod na taong nakilala ko! [Magkamayan tayo, binata,] nasisiyahan akong makita ang isang taong naninindigan sa kanyang pinaniniwalaan."[3]

Kabahagi kayo ngayon sa ilan sa pinakamahahalagang sandali ng inyong buhay! Isinusulat ninyo ngayon at isusulat pa, sa bawat sandali at sa bawat araw, ang inyong personal na kasaysayan. Magkakaroon ng mga pagkakataon na kakailanganin ninyong kumilos, samantalang sa ibang mga pagkakataon ay makabubuting manahimik na lang kayo. Darami ang mga pagkakataon, kakailanganing gumawa ng mga desisyon, at haharapin ang mga hamon!

Sa dakilang plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit, laging tandaan na hindi kayo nag-iisa kailanman! Marami sa buhay na ito at mas marami pa sa kabilang-buhay, maging sa mismong araw na ito, ang sumasamo sa Panginoon para sa inyong kapakanan. Nabigyan na kayo ng dakilang kapangyarihan sa pamamagitan ng mga ordenansang natanggap ninyo at mga tipang nagawa ninyo. Higit sa lahat, laging nariyan ang inyong pinakamamahal na Ama sa Langit at ang Kanyang Anak—ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, ang ating Tagapamagitan—upang tulungan kayong makaraos sa buhay. Sa isang lubhang nakaaantig na turo noong mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, nag-aanyaya siya sa lahat ng nabubuhay at samakatwid ay sa bawat isa sa atin:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30).


Idinaragdag ko ang aking taos na patotoo na ang ating Walang-Hanggang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak, ang Panginoong Jesucristo, ay buhay. Pinatototohanan ko rin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng posibleng paraan ang ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon at ang kaharian ng Diyos sa lupa.

Nawa'y manatili ako—at ang mga nakikibahagi sa patotoong ito—na matatag sa dakilang layuning ito magpakailanman. ■

*Mula sa mensaheng, "Being Valiant," na ibinigay sa LDS Business College noong Hunyo 17, 2014. Para sa buong mensahe sa Ingles, magpunta sa ldsbc.edu.*

**MGA TALA**


1. Bruce R. McConkie, "Be Valiant in the Fight of Faith," *Ensign,* Nob. 1974, 35.
2. *Autobiography of Parley Parker Pratt,* inedit ni Parley P. Pratt Jr. (1938), 210–11.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 124.



## PANINDIGAN ANG INYONG PINANINIWALAAN

"Nawa ay maging matapang tayo at handang manindigan sa paniniwala natin, at kung kailangan nating manindigang mag-isa, nawa ay magawa natin ito nang buong tapang, pinalalakas ng kaalaman na totoong hindi tayo nag-iisa kapag naninindigan tayo sa panig ng ating Ama sa Langit."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 67.**



**Ni Elder Gary E. Stevenson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# SA LAHAT MONG KUKUNIN, AY KUNIN MO ANG Unawa

*Ang tunay na pag-unawa ay darating sa inyo kapag nauna-waan ninyo ang pagkakaugnay ng pag-aaral at panalangin, kapag nangako kayong mag-lingkod habang natututo kayo at kumikita, at kapag nagtiwala at umasa kayo sa Panginoong Jesucristo.*

Malaking bahagi ng buhay ko bilang estudyante sa unibersidad ang umikot sa iba't ibang panig ng library. Tuwing papasok ako roon, sinasalubong ako ng isang karatula . . . na may nakasulat na, "Sa lahat mong kukunin, ay kunin mo ang unawa" (Mga Kawikaan 4:7).

Alam nating lahat na ang paggunita ay kasunod ng pag-uulit. Kaya nga hindi mabura sa isipan ko ang talatang ito mula sa aklat ng Mga Kawikaan, dahil nababasa ko ito tuwing papasok ako sa library sa apat na taon kong pag-aaral sa kolehiyo.

Ito rin ang ipapayo ko sa bawat isa sa inyo: "At sa lahat mong kukunin, ay kunin mo ang unawa." Hinihikayat ko rin kayong pag-isipan ang kahulugan ng talatang ito at kung paano ito makakatulong sa inyo. Nagawa ko na iyan. Paulit-ulit ko nang pinag-aralan ang iba't ibang anggulo nito sa aking isipan, at ang interpretasyon ko sa kahulugan nito ay lubhang lumawak. Marahil makikinabang kayo sa aking mga puna.

### Isang Maunawaing Puso

Noong missionary ako sa Japan na nahihirapang matuto ng mahirap na wika, maaga at madalas kong marinig ang ilang salita sa bokabularyo. Dalawa sa mga pagbating ito ang *ohayo gozaimasu* (magandang umaga) o *konnichiwa* (magandang hapon). Ang isa pa ay *wakarimasen,* na ibig sabihi'y, "Hindi ko maintindihan." Tila ang salitang ito, pati na ang pakikipagkamay na pabaligtad ang palad, ang paboritong tugon ng mga Japanese contact sa mga missionary habang tinatangka nilang kausapin ang mga ito.

Noong una, nang pag-isipan ko ang kahulugan ng "at sa lahat mong kukunin, ay kunin mo ang unawa," mas naisip ko ang *pag-unawa* ayon sa uring ito ng pag-unawa: ang maaaring marinig ng aking mga tainga at maunawaan ng aking isipan. Naisip ko ang pagsasabi ng Japanese ng *wakarimasen.* Nauunawaan ko ba o hindi ko ba nauunawaan?

Gayunman, nang pag-aralan at mapuna ko ang paggamit ng salitang *pag-unawa* sa mga banal na kasulatan at mula sa mga salita ng mga buhay na propeta, may natuklasan akong mas malalim na kahulugan. Isipin ang mga salitang ito ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol noong siya ang Presiding Bishop ng Simbahan:


"Una, nagsisimula tayo sa katalinuhang taglay natin nang ipanganak tayo. Sa ating

MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT HUNT


Planet Nine?
silver
47
Ag
107.868
gold
79
Au
196.967

*Sa katalinuhan idinaragdag natin ang kaalaman, karanasan, karunungan, at tulong ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng panalangin. Pagkatapos lamang niyon tayo magkakaroon ng pag-unawa sa ating puso.*



### MAGTIWALA SA PANGINOON AT SA KANYANG SALITA

"Ang ibig sabihin ng maging uliran sa pananampalataya ay nagtitiwala tayo sa Panginoon at sa Kanyang salita. Ibig sabihin ay may mga paniniwala tayong pinangangalagaan na gagabay sa ating isipan at kilos. Iimpluwensyahan ng pananampalataya natin sa Panginoong Jesucristo at sa ating Ama sa Langit ang lahat ng ginagawa natin. Sa gitna ng kaguluhan ng ating panahon, ng pagkakaiba-iba ng opinyon, at ng kaligaligan ng araw-araw na pamumuhay, nagiging angkla ang di-natitinag na pananampalataya sa ating buhay."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Maging Huwaran at Liwanag," *Liahona,* Nob. 2015, 87.**

katalinuhan idinaragdag natin ang kaalaman sa paghahanap natin ng mga sagot, pag-aaral, at pagtuturo sa ating sarili. Sa ating kaalaman idinaragdag natin ang karanasan, na dapat mag-akay sa atin sa isang antas ng karunungan. Bukod pa sa ating karunungan, idinaragdag natin ang tulong ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating mga panalangin nang may pananampalataya, na humihingi ng espirituwal na patnubay at lakas. Pagkatapos, at pagkatapos lamang, niyon tayo magkakaroon ng *pag-unawa* sa ating puso—na naghihikayat sa atin na 'tama'y gawin; ang bunga'y makikita.' (*Mga Himno,* 2001, blg. 144.) Ang damdamin ng isang *maunawaing* puso ay nagbibigay sa atin ng magiliw na diwa ng katiyakan hindi lamang upang malaman kundi upang gawin ang tama anuman ang sitwasyon. Ang *pag-unawa* sa ating puso ay nagmumula sa malapit na pagkakaugnay ng pag-aaral at panalangin."[1]

Ngayon isiping muli: "At sa lahat mong kukunin, ay kunin mo ang unawa." Kasunod ng pag-unawa sa kontekstong ito ang katalinuhan, kaalaman, karanasan, karunungan, at mga panghihikayat mula sa Espiritu Santo—na pawang nag-aakay sa atin na malaman at gawin ang tama.

Karamihan sa inyo ay papalapit o nakapasok na sa mahalagang panahon ng pagdedesisyon sa inyong buhay. Nagiging mas malaya kayo sa bawat taon na lumilipas, at lumalalim ang pag-unawa ninyo sa bahagi ng inyong buhay na "at sa lahat mong kukunin." Ano naman ang makukuha ninyo? Maaari kayong magkaasawa, magkapamilya, magkatrabaho, na ilan lang sa mga halimbawa.

Para mapamahalaan ang napakahahalagang bagay na ito na "nakukuha" natin, kailangan din nating magtamo ng "pag-unawa," tulad ng itinuturo sa mga banal na kasulatan. "Ang pag-unawang ito ay dumarating sa pamamagitan ng pagkakaugnay ng pag-aaral at panalangin. Sa madaling salita, kailangan nating magtiwala at umasa sa Panginoong Jesucristo. Inilarawan ito ni Alma nang ihalintulad niya ang salita sa isang binhi. Ayon sa kanya, "Sinisimulan nitong liwanagin ang aking *pang-unawa,* oo, ito ay nagsisimulang maging masarap para sa akin" (Alma 32:28; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Madalas banggitin ni Pangulong Thomas S. Monson ang isang talata sa banal na kasulatan mula sa Mga Kawikaan na nagdaragdag ng isa pang aspeto sa pang-unawang ito: "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling [pang-unawa]" (Mga Kawikaan 3:5).[2]

Kapag nagtiwala at umasa tayo sa Panginoon, darating sa ating puso ang mas matinding pag-unawa na nagmumula sa Kanya.

**"Ang Kamay ng Panginoon ay Pasasa Atin"**

Magbibigay ako ng halimbawa ng isang makapangyarihang babae na nagkaroon ng mahalagang papel sa Panunumbalik, nagtiwala sa Panginoon, at hindi nanalig sa kanyang sariling pang-unawa.

Hindi nagtagal matapos maitatag ang Simbahan sa Palmyra, New York, nanatili ang ina ni Joseph Smith na si Lucy Mack Smith sa Waterloo, New York, kasama ang isang malaking grupo ng mga Banal samantalang ang kanyang asawang si Joseph Sr. at ilan sa kanilang mga anak, kabilang na si Joseph Jr., ay nauna sa kanya na magtungo sa Kirtland, Ohio. Ang responsibilidad niya ay dalhin ang grupong ito sa Ohio nang makabalita siya mula sa kanyang anak, ang Propeta.

Maagang dumating ang balita noong tagsibol ng 1831. Sa tulong ng ilan sa mga kapatid, pinatulak na ni Lucy ang grupo patungong Buffalo, New York, para makapunta sa Ohio lulan ng barko sa Lake Erie. Sabi niya: "Nang maisip ng mga kapatid na ligtas nang maglakbay sa tubig, naghanda na kaming lahat na lisanin ang Kirtland. Umarkila kami ng barko . . . ; at . . . walumpu kami."

Pagkatapos, nang tumulak na sila sa Erie Canal patungong Buffalo, sinabi niya: "Pagkatapos ay sabay kong tinawag ang kalalakihan at kababaihan, at ipinaalala sa kanila na naglalakbay kami sa utos ng Panginoon, tulad ni Amang Lehi, nang lisanin niya ang Jerusalem; at, kung kami ay matapat, pareho ang mga dahilan namin para asahan ang mga pagpapala ng Diyos. Pagkatapos ay hiniling kong maging seryoso sila, *at patuloy na isamo ang pinakamatitindi nilang hangarin sa Diyos sa panalangin,* nang kami ay paunlarin."

Nangangalahati na kami papuntang Buffalo mula sa Waterloo, nang naging imposible nang daanan ang canal. Hindi maginhawa ang kundisyon para sa 80 Banal, at halos agad silang nagsimulang bumulung-bulong. Si Lucy, na umaasa sa Panginoon, ay kinailangang palakasin ang kanilang pananampalataya. Sinabi niya sa kanila: "Hindi, hindi, . . . hindi kayo magugutom, mga kapatid, ni anumang katulad niyon; magtiis lang sana kayo at tumigil sa pagbulung-bulong. Wala akong duda na tutulungan tayo ng Panginoon."


Pagdating nila sa Buffalo nang ikalimang araw matapos lisanin ang Waterloo, nagyelo ang daungang papunta sa Lake Erie. Lumulan sila sa isang barko kasama si Kapitan Blake, isang lalaking nakakakilala kay Lucy Smith at sa kanyang pamilya.

Pagkaraan ng dalawang araw, bagama't ang mga kundisyon sa barko ay hindi akma para manatili silang lahat habang hinihintay ang hudyat na aalis na ang barko, iniulat ni Lucy, "Hiniling ni Captain Blake sa mga pasahero na manatili sa barko, dahil gusto niya, mula sa oras na iyon, na maghanda silang umalis sa isang hudyat; kaalinsabay noon ay inutusan niya ang isang lalaki na sukatin ang lalim ng yelo, na nag-ulat, nang makabalik, na umabot ito sa taas na dalawampung piye [6 m], ipinalagay nito na aabutin pa sila nang hindi kukulangin sa dalawang linggo sa daungan."

Nakapanlulumong balita iyon sa grupo. Kakaunti na lang ang suplay at mahirap ang kalagayan. Itinala pa ni Lucy Mack Smith ang kanyang payo sa mga Banal: "Sabi ninyo magtiwala sa Diyos, pagkatapos bubulung-bulong at magrereklamo kayo nang ganyan! Mas hindi kayo makatwiran kaysa mga anak ni Israel; dahil heto at naghahanap ng tumba-tumba ang kababaihan, at sinasabi naman ng kalalakihan, na inaasahan kong maging matatag at masigla, na talagang naniniwala sila na mamamatay sila sa gutom bago makarating sa kanilang pupuntahan. At bakit nagkagayon? Mayroon bang hindi nabusog sa inyo? . . . Nasaan ang pananampalataya ninyo? Nasaan ang pananalig ninyo sa Diyos? Hindi ba ninyo natatanto na ginawa Niya ang lahat ng bagay, at pinamamahalaan niya ang mga likha ng sarili niyang mga kamay? At kung magsusumamo lamang nang buong puso sa panalangin sa Diyos ang mga Banal na narito, upang mabuksan ang daan para sa atin, kaydali para sa kanya na tibagin ang yelong ito, upang sa isang sandali ay makapaglayag na tayo!"

Ngayon, obserbahan lamang dito ang malaking pananampalataya ng Inang Smith—kung paano niya piniling magtiwala sa Panginoon at hiniling na huwag manalig ang mga Banal sa kanilang sariling pag-unawa:

"'Ngayon, mga kapatid, kung kayong lahat ay mananalangin, na matibag ang yelong ito, at makapaglayag tayo, kasingtiyak na buhay ang Diyos na mangyayari ito!' Sa sandali ring iyon may narinig na ingay, na parang dumadagundong na kulog. Sumigaw ang kapitan, 'Pumuwesto kayo.' Nahati ang yelo, at nag-iwan ito ng puwang na tamang-tama para madaanan ng barko, at napakakitid nito kaya nang dumaan ang barko[,] nasira (ng yelo) ang elisi ng waterwheel, na, kasabay ng utos ng kapitan, ang paos na pagsagot ng mga marino, ingay ng pagbitak ng yelo, at sigaw at kaguluhan ng mga nakamasid, ay nagpakita ng isang tagpong talagang nakasisindak. Hindi pa kami halos nakararaan sa lagusan nang muling magdikit ang yelo, at



*Matapos hikayatin ang kanyang mga kapatid na nabalaho sa paglalakbay na tumigil sa pagbulung-bulong at isamo ang kanilang mga hangarin sa langit, sinabi ni Lucy Mack Smith, "Nahati ang yelo, at nag-iwan ito ng puwang na tamang-tama para madaanan ng barko." Nang makaraan ang barkong sinakyan ng mga Banal, muling nagdikit o nagsara ang yelo.*

naiwanan ang kalalakihan ng Colesville sa Buffalo, at hindi nakasunod sa amin.

"Nang paalis na kami sa daungan, ibinulalas ng isa sa mga nakamasid, 'Umalis na ang pangkat ng mga "Mormon"! Nakalubog ang barkong iyon sa tubig na mas malalim nang siyam na pulgada kaysa rati, at, maniwala kayo, lulubog iyan—tiyak na tiyak iyan.' Sa katunayan, siguradung-sigurado sila roon kaya dumiretso sila sa tanggapan [ng mga balita] at ipinalathala na lumubog kami, kaya nang makarating kami sa Fairport, nabasa namin sa mga pahayagan ang balita na nangamatay kami."[3]

## "Huwag Kang Manalig sa Iyong Sariling Kaunawaan"

"At sa lahat mong kukunin, ay kunin mo ang unawa," o, sa madaling salita, "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan" (Mga Kawikaan 3:5).

Naobserbahan ko mismo ang dalamhati at personal na pinsalang nangyari sa mga nakatuon sa "pagkuha" ng mga makamundong bagay at hindi sa "kaunawaan" ng Panginoon. Tila ang mga taong nananalig sa kanilang sariling pang-unawa o umaasa sa lakas ng tao ay mas malamang na magkaroon ng di-makatwirang pagtutuon o pagnanasa sa kikitain, kabantugan, kapangyarihan, at posisyon. Ngunit ang pagsunod sa patnubay na "pagkuha" na ito sa banal na kasulatan tungkol sa "pag-unawa" ay palalamigin ang pagnanasa ninyo sa temporal na mga bagay. Tutulutan nito ang tamang konteksto para sa mga aktibidad ninyo bilang kapaki-pakinabang na miyembro ng lipunan at ng kaharian ng Panginoon.

Noong bata pa akong estudyante na puno ng pag-asa, natatandaan ko na nakinig ako sa mungkahi ng isang respetado at matagumpay na guro na angkop nating pinamamahalaan ang ating mga ambisyon sa pamamagitan ng pagsunod sa prosesong "matuto, kumita, maglingkod." Nagturo si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ng isang huwarang humahantong sa pagtitiwala sa Panginoon at pag-asa sa Kanya sa halip na umasa sa ating sarili. Sabi niya: "Bawat isa sa atin ay may apat na responsibilidad. Una, may responsibilidad tayo sa ating mga pamilya. Ikalawa, may responsibilidad tayo sa ating mga amo sa trabaho. Ikatlo, may responsibilidad tayo sa gawain ng Panginoon. Ikaapat, may responsibilidad tayo sa ating sarili."

Kailangang balanse tayo. Iminungkahi ni Pangulong Hinckley na ginagampanan natin ang apat na responsibilidad na ito sa pamamagitan ng panalangin ng pamilya, family home evening, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagiging totoo at tapat sa ating amo, pagtupad sa ating mga responsibilidad sa Simbahan, personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagpapahinga, paglilibang, at pag-eehersisyo.[4]

Sabi ng American philosopher at makatang si Ralph Waldo Emerson, "Ang panahong ito, gaya ng lahat ng panahon, ay napakaganda, kung alam lang natin kung ano ang gagawin dito."[5]

Mabuti na lang, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi na kailangang lumayo pa para malaman kung ano ang gagawin. Sa kaalaman ninyo tungkol sa isang mapagmahal na Ama sa Langit at sa dakilang plano ng kaligayahan, matibay ang direksyon ninyo sa buhay na parang mga timon na nasa ilalim ng tubig. Ngayon, palalimin din ninyo ang inyong pagsagwan at sumagwan nang husto at sumulong.

Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bumanggit si Pangulong Monson mula sa mga Kawikaan, tulad ng dati niyang ginagawa: "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas." Pagkatapos ay sinabi niya, "Iyan ang kuwento ng buhay ko."[6] Napakagandang buhay na dapat tularan.

Malaki ang inaasahan ko sa bawat isa sa inyo, tulad ng Ama at ng Anak. Magtatapos ako kung saan ako nagsimula—sa panghihikayat na matatagpuan sa Mga Kawikaan: "At sa lahat mong kukunin, ay kunin mo ang unawa."

Tunay na umunawa. Darating ito sa inyo kapag naunawaan ninyo ang pagkakaugnay ng pag-aaral at panalangin, kapag tinupad ninyo ang inyong pangako na maglingkod habang natututo kayo at kumikita, at kapag hindi kayo nagtiwala sa inyong sarili kundi sa halip ay nagtiwala at umasa kayo sa Panginoon. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "Religious Freedom and Fairness for All," na ibinigay sa Brigham Young University noong Enero 14, 2015. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. Robert D. Hales, "Making Righteous Choices at the Crossroads of Life," *Ensign,* Nob. 1988, 10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Tingnan, halimbawa, sa Thomas S. Monson, "Mensahe sa Pagtatapos," *Liahona,* Mayo 2010, 112.
3. Lucy Mack Smith, *History of Joseph Smith by His Mother, Lucy Mack Smith* (1979), tingnan sa 195–99, 202–205; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "Pagkagalak sa Pribilehiyong Maglingkod," *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Hunyo 21, 2003, 23–25.
5. Ralph Waldo Emerson, sa "The American Scholar," isang mensaheng ibinigay noong Ago. 31, 1837, sa University of Cambridge.
6. Thomas S. Monson, "Mensahe sa Pagtatapos," 112; binanggit mula sa Mga Kawikaan 3:5–6.

# PAGGALANG SA KABABAIHAN—ANUMAN ANG EDAD

Tinawag akong magturo sa Aaronic Priesthood sa aking branch, at isang araw ng Linggo ang paksa ay tungkol sa paggalang sa kababaihan. Sa lesson tinalakay namin na dapat magpakita ng paggalang sa bawat babae, mula sa pagiging sanggol hanggang sa pagtanda, tulad ng nakasaad sa manwal ng Aaronic Priesthood.

Sinabi ni Gabriel (binago ang pangalan), isa sa mga binatilyo sa klase, na para sa kanya ang babae ay sinumang sapat na ang gulang para maging nanay niya at sinumang babae na mas bata sa kanya ay dapat siyang igalang dahil lalaki siya. Walang sumang-ayon sa kanya sa klase, at hindi siya makapaniwala.

Patuloy naming tinalakay kung paano magpakita ng paggalang sa kababaihan, at sinabi ko sa kanila na ang ginagawa ko ay ibinibigay ko ang upuan ko sa sinumang babaeng sumasakay sa van na sinasakyan ko, kahit tumayo pa ako nang 30–40 minuto bago makarating sa aking pupuntahan. Sinabi ko sa kanila na dapat tumayo ang mga lalaki at paupuin ang mga babae sa kanilang upuan. Asiwa pa rin si Gabriel sa lesson.

Makalipas ang dalawang araw, sumakay ako ng van at naupo sa harapan. Wala nang maupuan nang sumakay ang isang lalaki at ang anak niyang babae at naglakad sila papunta sa likuran. Hindi nagtagal, isang matandang babae ang sumakay sa van, at tumayo ako at pinaupo ko siya.

Tinapik ako sa balikat ng isang lalaki sa likuran ko, itinuro ang likuran ng van, at sinabi sa akin na pinakalabit ako ng isang binata. Lumakad ako papunta sa likuran para tingnan kung sino ang binatang ito. Nakangiti ang lahat ng kalapit ko dahil kapapaupo lang ng binata sa lalaki at sa kanyang apat-na-taong-gulang na anak na babae na sumakay kanina. Si Gabriel pala iyon, ang binatilyo sa priesthood class ko, na naasiwa sa paksa tungkol sa paggalang sa kababaihan.

Sabi niya sa akin, "Tiningnan ko po kung pauupuin ninyo ang babaeng sumakay sa van. Naantig po ako nang makita ko na pinaupo ninyo siya, at naalala ko po ang lesson natin noong Linggo at kinailangan ko pong tumayo para paupuin ang mag-ama."

Masayang-masaya akong makita na ipinamumuhay ng ating mga kabataang lalaki ang itinuturo sa kanila sa Simbahan. Dati-rati akala niya para lang sa matatandang babae ang paggalang, pero pagkatapos ng lesson namin noong Linggong iyon, pinili niyang magpakita ng paggalang sa isang apat-na-taong-gulang na batang babae.


Masaya rin ako na pinili kong ipamuhay ang itinuro ko, at naturuan ko siyang magpakita ng paggalang sa lahat ng babae anuman ang kanilang edad. Iniisip ko kung ano ang madarama niya kung hindi ko pinaupo ang babae sa van. Naisip ko ang isang talata sa banal na kasulatan: "Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung [inyo itong gagawin]" (Juan 13:17). ■

Owie Osaretin Friday, Edo, Nigeria

PAGLALARAWAN NI JOSHUA DENNIS

Isang matandang babae ang sumakay sa van, at tumayo ako at pinaupo ko siya.






Damang-dama ko ang patnubay ng Espiritu nang daanan ko ang bawat linya hanggang sa marating ko ang panig ng lolo ko.

# SINO ANG HANDA NA NGAYON?

Isang Linggo kasunod ng huling sesyon ng pangkalahatang kumperensya, nakadama ako ng malakas na pahiwatig na mag-sign in sa aking FamilySearch account at gumawa ng kaunting family history. Atubili ako noong gawin ang aking family history dahil hindi naman naging matagumpay ang ibang mga pagtatangka kong gawin ito. Masipag gumawa ng family history ang pamilya ko, at naisip ko na wala na akong gagawin pa.

Sumandal ako at napabuntong-hininga sa kawalan ng pag-asa habang minamasdan ko ang hangganan ng pinagsikapan kong gawin nang ilang taon, na umaasa na ito na sana ang araw na may makukuha akong kaunting impormasyon. Sinimulan ko na regular na maghanap sa mga census, kasal, at mga rekord ng kapanganakan, at pagkaraan ng isang oras ay wala akong natagpuan. Pagkatapos ay hinikayat ako ng Espiritung bumubulong sa akin buong Sabado't Linggo sa mga sesyon ng kumperensya na manalangin at alamin kung sino ang handa nang magawa ang kanilang gawain ngayon.

Pagkatapos kong manalangin, binalikan ko ang sarili kong pangalan at ipinagpatuloy ko ang linya. Damang-dama ko ang patnubay ng Espiritu nang daanan ko ang bawat linya hanggang sa marating ko ang panig ng lolo ko. Nang sumunod na oras napuspos ng Espiritu ang silid, at nakakuha ako ng anim na pangalan na madadala ko sa templo. Matapos kong hilingin ang mga pangalan para madala sa templo, tiningnan ko sandali ang ilan sa mga rekord na napagkunan ko ng impormasyon. Napuno ng luha ang aking mga mata at napuspos ng kagalakan ang aking puso—ang impormasyon ay nagmula sa mga indexer na nagboluntaryo ng kanilang oras para ipasok ang mga rekord para sa aking mga ninuno. Bilang pasasalamat, nag-index ako ng mga pangalan para sa iba nang sumunod na oras.

Noong araw na iyon puspos ng pasasalamat ang aking patotoo sa dalawang kadahilanan. Una, na sa oras ng pangkalahatang kumperensya, inakay ako ng Espiritu na gumawa ng gawain sa family history at alamin kung aling mga pangalan ang hahanapin. Ikalawa, dahil sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo na nag-iindex ng mga pangalan para mahanap ng mga taong kagaya ko ang aming mga ninuno nang malinaw at madali at mapabilis ang kanilang gawain. Isang malinaw at makapangyarihang patotoo iyon sa akin na ang gawain ng Diyos ay lumalaganap sa buong daigdig. ■

Leisa Wimpee, Nevada, USA

PAGLALARAWAN NI RICHARD MIA

# PANALANGIN NG ISANG SCOUTMASTER

Ako ay isang Scoutmaster na namumuno sa 20 binatilyo at dalawang lider sa isang activity trip sa katimugang Utah, USA.

Pagdating namin sa daan na maghahantong sa amin sa campsite, tumigil ako at siniyasat ko ang disyerto sa harapan ko. Maraming beses na akong nakapunta rito, pero sa kung anong dahilan, wala akong makitang anuman na pamilyar sa akin. Tumanaw ako sa kaliwa at sa kanan, sa paghahanap ng anumang bagay na pamilyar.

Ilan mang lansangan ang nilikuan ko, puro dead end ang mga ito.

Padilim na noon. Sa huli, tumigil ako at sinabi ko sa lahat na huwag lumabas ng sasakyan. Kumuha ako ng flashlight at sinabi ko sa kanila na maglalakad-lakad ako at sesenyasan ko sila kapag nahanap ko na ang daan.

Ang ginawa ko talaga ay lumuhod ako at nagsumamo sa Ama sa Langit na tulungan kaming makaalis sa nakakailang na sitwasyong ito. Taimtim kong ibinuhos ang damdamin ko sa Kanya, na idinedetalye ang aking kahandaan, pagmamahal sa mga bata, pasasalamat sa mga amang sumama sa amin, at buong pananampalataya na sasagutin Niya kaagad ang aking panalangin. Tinapos ko ang aking panalangin at tumindig na ako. Inasahan kong tumindig, itutok ang flashlight ko sa kadiliman, at sinagan nito ang tamang daan.

Ngunit walang nangyari.


Tahimik kong sinuri ang natatanaw ko na abot ng sinag ng flashlight ko.

Wala pa rin.

Hindi ako makapaniwala. *Alam* ko na pagtindig na pagtindig ko, makikita ko na ang daan. *Alam* ko na hindi ako bibiguin ng Panginoon, lalo na't napakaraming taong nakaasa sa akin.

Kailangan ko ngayong harapin ang dalawang amang pinanghinaan na ng loob at ang mga van nila na puno ng magugulong binatilyo na sabik nang makarating, na pawang nagtatanong ng, "Nakarating na po ba tayo?"

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS



Ang ginawa ko talaga ay lumuhod ako at nagsumamo sa Ama sa Langit na tulungan kaming makaalis sa nakakailang na sitwasyong ito.

Humingi ako ng paumanhin at tiniyak ko sa kanila na 20 beses na akong nakapunta rito at alam kong narito lang ang daan. Hindi ko nga lang ito makita.

Sa huli, ipinasiya naming tumuloy na lang sa bayan at umupa ng dalawang silid sa motel. Maaga na lang kaming magbibiyahe kinaumagahan ng Sabado.

Yamang hindi kami makapagparikit ng apoy para lutuin ang dala naming hapunan, nagpunta kami sa tindahan ng pizza sa lugar na nakita namin sa dulo ng bayan.


Napakasarap ng pizza at tuwang-tuwa ang mga bata, pero nakonsiyensya pa rin ako sa upa sa motel at sa binayaran naming hapunan.

Habang kumakain kami, nagtaka ako kung bakit hindi pa sinasagot ng Ama sa Langit ang aking dalangin, nang bigla akong makarinig ng malakas na dagundong.

Tumindig ako, binuksan ko ang pintuan ng tindahan ng pizza, at nakita ko ang pinakamalakas sa lahat ng nakita kong pagbuhos ng ulan. Matatalim ang kidlat sa hilagang kanluran—sa mismong lugar kung saan ako nagdasal para humingi ng sagot wala pang isang oras ang nakalilipas. Sa sandaling iyon, nadama ko ang Espiritu, at natanto ko na *sinagot* na ng Panginoon ang aking panalangin!

Kinaumagahan, asul na ang kalangitan, at habang papunta kami sa nakalilito at maalikabok na mga daan, diretso akong nagmaneho papunta sa mismong lugar na hinanap ko sa nagdaang gabi. Alam ko na ngayon kung paano sinasagot ng hindi ang mga panalangin kung minsan, ngunit *palaging* sinasagot ang mga ito. ■

Tony Rogerson, Utah, USA




PAGLALARAWAN NI RICHARD MIA

## PAGBABAGO NG AKING MGA PRAYORIDAD

Hindi pa katagalan nang simulan ko ang aming family blog, natagpuan ko ang sarili ko na iniuukol ang libreng oras ko sa pag-update nito at iniisip ko kung paano ito gagawing mas malikhain o kaakit-akit. Maraming oras din akong nagbasa ng mga blog ng ibang tao.

Sa loob ng ilang linggo, mas inuna ko na ang blogging kaysa sa araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan at iba pang babasahin. Hindi ako makatutok sa pinag-aaralan ko, ayaw kong magbasang masyado, at pakiramdam ko ay wala ang Espiritu sa buhay ko. Nabawasan ang pasensya ko sa mga anak ko, at ang oras na dapat sana ay iukol ko sa kanila ay iniukol ko sa computer.

Hindi naman sa hindi angkop ang blogging; kung tutuusin, napakagandang paraan ito para makipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan. Pero dahil nadarama ko na napapalayo ang tuon ko sa mga bagay na makapagbibigay sa akin ng matibay na espirituwal na pundasyon, nabatid ko na may kailangan akong baguhin.

Sinimulan kong aminin sa sarili ko na hindi ko kailangang mag-blog araw-araw at na hindi ko rin kailangang tingnan ang blog ng ibang tao araw-araw. Nagpasiya ako na maiuukol ko pa rin ang libreng oras ko sa computer pero pagkatapos ko lang mag-aral ng banal na kasulatan at iba pang babasahin. Nang magawa ko na ang pinakamahahalagang bagay, kadalasan ay wala nang gaanong oras para mag-blog, pero OK lang. Maraming oras ang nabawi ko—oras na iniuukol ko na ngayon sa pag-aalaga at pakikipaglaro sa aking mga anak, pagbabasa, at pag-aaral.

Makalipas lang ang ilang araw ng pagbabago ng aking mga prayoridad, napansin ko na nadarama ko nang muli nang mas sagana ang Espiritu sa buhay ko.

Alam ko na sa pag-uuna kong gawin araw-araw ang anumang magiging kapaki-pakinabang sa akin sa espirituwal, mas lalo kong madarama ang Espiritu sa araw-araw. Alam ko na ang pag-uukol ng oras sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagbabasa ng mga magasin ng Simbahan at iba pang mabubuting literatura, at pag-iisip tungkol sa mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan ay makakatulong para maging mas mabuti akong asawa, ina, at miyembro ng Simbahan ng Panginoon. ■

Jinny Davis, Texas, USA



**Ni Elder
C. Scott Grow**
Ng Pitumpu

# IPINROPESIYANG MGA ALITUNTUNIN NG *KATAPATAN*

**Anong mga desisyon at pangako ang kailangan ninyong gawin ngayon at sa hinaharap para matulungan kayong manatiling tapat?**

Mahigit 20 taon na ang nakalipas, natapos ko ang paglilingkod ko bilang mission president sa South America. Nakita namin ng asawa kong si Rhonda, ang malaking tagumpay gayundin ang nakalulungkot na trahedya sa buhay ng aming mga missionary sa loob ng 20 taong iyon.

Karamihan sa aming mga missionary ay masayang nabuklod sa templo, nagpapalaki ng mabubuting anak at ipinadadala sila sa mission, at matapat na naglilingkod sa mga katungkulan sa priesthood at auxiliary ng Simbahan. Gayunpaman, may ilan na di-gaanong aktibo, ang ilan ay ikinasal at nagdiborsyo, at ang iba ay natiwalag sa Simbahan.

Ano ang nakagawa ng kaibhan sa buhay ng dati naming mga missionary? Ano kaya ang kakaibang ginawa ng ilan sa kanila para maiwasan ang personal na trahedya? Kayo kaya? Ano ang kapupuntahan ninyo pagkaraan ng 20 taon? Anong mga desisyon at pangako ang kailangan ninyong gawin ngayon at sa hinaharap para matulungan kayong manatiling tapat?

May 10 alituntunin akong imumungkahi na makakatulong sa inyo.

## 1 PATULOY NA PANGALAGAAN ANG INYONG PATOTOO

Ang mga karanasan sa mission na puspos ng Espiritu ang naglalatag ng pundasyon ng pananampalataya na maaaring magpala sa inyo habambuhay. Ang pundasyong iyan ng pananampalataya ay mapapahina lamang ng kapabayaan o kasalanan.

Kamakailan ay may ininterbyu akong isang returned missionary na di-gaanong aktibo at nagsabing nawalan na siya ng pananampalataya. Tinanong ko siya kung nagdarasal siya at pinag-aaralan niya ang Aklat ni Mormon, tulad noong missionary pa siya. Hindi na raw dahil nawalan na siya ng pananalig kay Joseph Smith.

Nadama ko na dapat kong itanong ito sa kanya: “Tumitingin ka ba sa pornograpiya?” Sumagot siya ng oo. Sinabi ko sa kanya na hindi nakapagtataka na nawalan na siya ng patotoo.

Ipinaliwanag ko na ang patotoo ay pagsaksi ng Espiritu Santo sa ating kaluluwa tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo at ng ipinanumbalik na Simbahan. Kapag hindi tayo nagdarasal at nag-aaral ng mga banal na kasulatan, ang impluwensya ng Espiritu sa ating buhay ay humihina, kaya hindi natin napaglalabanan ang tukso. Kapag nagkakasala at nagiging marumi tayo, hindi na tayo pinapatnubayan ng Espiritu Santo. Kung wala ang patuloy na pagsaksi ng Espiritu, madali nating maiisip na wala tayong patotoo at siguro’y hindi tayo nagkaroon nito kailanman.

Kailangang patuloy na pangalagaan ang ating patotoo. Ang pangangalagang iyan ay nagmumula sa personal na panalangin, araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan—lalo na ng Aklat ni Mormon—at habambuhay na paglilingkod sa Simbahan.





## 2 SUNDIN ANG PAYO NG MGA BUHAY NA PROPETA AT APOSTOL

Muli kong babasahin ang payo ng propeta na makakatulong na maging masaya ang pagsasama ninyong mag-asawa, maging tapat ang inyong pamilya, at maging matagumpay ang inyong buhay. Ang tinutukoy ko ay ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Ibabahagi ko ang ilang mahahalagang bahagi ng paghahayag na iyon, na inilabas ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol noong 1995. Sinasang-ayunan natin ang mga Kapatid na ito bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Sila ang mga tagapagsalita ng Panginoon sa Kanyang mga anak sa lupa.

Noong araw na inorganisa ang Simbahan, ganito ang sinabi ng Diyos tungkol sa Kanyang propeta, "Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya." At nangangako ang Panginoon ng temporal na mga pagpapala at walang-hanggang mga biyaya kapag sinusunod natin ang payo ng mga propeta: "Sapagkat sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; oo, at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan" (D at T 21:5–6).

Napakagandang pagpapala sa mga panahong ito ng paghihirap.



## 3 MABUKLOD SA TEMPLO AT TUPARIN ANG INYONG MGA TIPAN

Ang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ay "nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos at ang pamilya ang sentro sa plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak." Dagdag pa nila: "Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang-buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan."[1]

Ang pinakamahalagang desisyong gagawin ninyo sa buhay ay "magpakasal sa tamang tao, sa tamang lugar, sa pamamagitan ng tamang awtoridad"[2] at pagkatapos ay tuparin ang inyong mga tipan sa templo. Walang kadakilaan kung walang pagbubuklod sa templo.

Para maging karapat-dapat sa kadakilaan, ang mga mag-asawa ay kailangang pumasok sa "bago at walang hanggang tipan, ay ito ay [kailangang] ibinuklod sa kanila ng Banal na Espiritu ng pangako, sa pamamagitan niya na siyang hinirang"—ang propeta. Kung tutuparin natin ang ating mga tipan sa templo, tayo ay "magmamana ng mga trono, kaharian, pamunuan, at kapangyarihan, mga sakop, lahat ng taas at lalim . . . at kaluwalhatian sa lahat ng bagay, . . . kung aling kaluwalhatian ay magiging isang kaganapan at isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan" (D at T 132:19; tingnan din sa talata 7).

Ang pagbubuklod sa templo ay naglalaman ng pangako ng walang-hanggang mga pagpapala sa kabilang buhay at mas malamang na humantong sa masayang pagsasama ng mag-asawa sa buhay na ito. Bilang inilaan na anak ng Diyos, kayo ay nakipagtipan na pumarito sa lupa sa panahong ito upang itayo ang kaharian ng Diyos. Ang pagtatayong iyan ng kaharian ay kinabibilangan ng sarili ninyong kasal sa templo.

ITAAS: LARAWANG KUHA SA LABAS NG MANILA PHILIPPINES TEMPLE

## 4 MAKIPAGTUWANG SA DIYOS SA PAGDADALA NG KANYANG MGA ESPIRITUNG ANAK SA LUPA

Nakasaad sa paghahayag tungkol sa mag-anak na: "Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa potensyal nilang maging magulang bilang mag-asawa. Ipinapahayag namin na ang utos ng Diyos na magpakarami ang Kanyang mga anak at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa."

Mas maliit ang mga pamilya ngayon kaysa nakaraang henerasyon—maging ang mga pamilyang LDS. Lagi tayong makakahanap ng mga dahilan para pangatwiranan ang pagpapaliban o paglilimita sa dami ng ating mga anak. Halimbawa, "Kailangan muna tayong makatapos ng pag-aaral" o "Kailangan tayong magkaroon ng mas magandang trabaho para kumita tayo nang mas malaki" o "Bakit mo aalisin ang saya sa pagsasama ng mag-asawa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga anak?"

Nabiyayaan kayo ng patotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Nasa inyo ang mga pagpapala ng kawalang-hanggan na maibibigay ninyo sa inyong mga anak. Huwag ninyong masyadong isipin na kailangan ninyong ilaan ang lahat ng temporal na bagay. Ang pinakamagandang maipagkakaloob ninyo sa inyong mga anak ay ang access sa lahat ng espirituwal na bagay sa kaharian ng Diyos.

Kapag mapanalangin kayong nag-uusap na mag-asawa tungkol sa pagkakaroon ng mga anak, tandaan na kayo ang mga kabataan na may magiting na karapatan sa pagkapanganay. Huwag sana ninyong kalimutan ang Diyos sa inyong mga paguusap. Ibahagi ang karapatang iyan ng pagsilang sa lahat ng anak ng Diyos na inihanda Niyang ipadala sa inyong tahanan. Tutal, noon pa man ay Kanya nang mga anak ito bago pa sila mapasainyo.

Taglay ang pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang salita ng propesiya, sumulong nang hindi nagdadahilan o nag-aatubili at lumikha ng sarili ninyong walang-hanggang pamilya.

## 5 HUWAG MAGPASASA SA PORNOGRAPIYA O SA IBA PANG MAHALAY NA PAG-UUGALI

Sabi pa sa paghahayag, "Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo, at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal."

Ang ibig sabihin ng lubos na katapatan ay pisikal na katapatan at katapatan ng damdamin sa inyong kabiyak. Ang pornograpiya at mga pakikipagrelasyon online ay mga halimbawa ng taksil na damdamin. Kapag ang isang kabiyak ay nasangkot sa pornograpiya, nilalabag niya ang napakasagradong pagtitiwala ng kanyang kabiyak. Dama ng walang-malay na kabiyak na pinagtaksilan siya. Ang kumpiyansa at tiwala sa pagsasama ng mag-asawa ay nasisira at naglalaho. Pangangalunya ang nagiging bunga ng pagkasangkot sa pornograpiya.

Nadarama ko rin ang damdamin ng isang lalaki na ibinuklod sa templo ngunit nawala ang kanyang pamilya dahil sa pornograpiya at sa pakikipagrelasyon sa isang babae online. Sa kalungkutan ay isinulat niya: "Hindi ko pinakinggan ang mga salitang ibinigay sa aking patriarchal blessing, na nagsasaad na si Satanas ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa buhay ko maliban kung bigyan ko siya ng kapangyarihan. Binigyan ko siya ng maraming kapangyarihan, at unti-unti ay talagang kinuha niya ito at ginamit ang kapangyarihang iyon upang sirain ang buhay ko sa piling ng aking asawa't mga anak. Minahal ko sila nang buong puso at mahal ko pa rin sila at mamahalin sa tuwina, ngunit ang pagmamahal na iyon ay hindi sapat upang madaig ang kapangyarihang kusang-loob kong ibinigay kay Satanas para sirain ang buhay ko. Ang mga turo ng Simbahan ang nagbigay-daan para makabalik tayo bilang pamilya na ibinuklod sa panahong ito at sa buong kawalang-hanggan sa ating Ama sa Langit, kung nakinig lamang ako at sumunod sa mga ito, ngunit sa huli ay hindi ako sumunod."

Napakalungkot na pangyayari.





## 6 ITURO AT IPAMUHAY ANG EBANGHELYO SA INYONG TAHANAN

Itinuturo sa atin sa paghahayag ang ilang bagay na kailangan nating gawin upang maging maligaya sa ating tahanan. "Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan."

Noong bagong kasal pa kami, paulit-ulit naming sinikap na makaugaliang sama-samang magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw bilang pamilya. Noong mga pitong taong gulang na ang panganay naming anak, nakaugalian na naming gawin ito araw-araw. Sa pagbabasa muna sa umaga bago ang lahat, tapat namin itong ipinagpatuloy simula noon. Nang makaugalian na ito ng iba pa naming mga anak, ang mga mas nakababata ay sabik na makisali nang makaintindi na sila. Kadalasan ay kailangan naming magbasa noon bago mag-alas 6:00 n.u. dahil sa early-morning seminary.

Ang mga bagong kasal ay nasa posisyon na simulan ang sarili nilang mabubuting tradisyon ng pamilya—sa pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya araw-araw, pagdarasal ng pamilya, at paghahanda sa kanilang mga anak na magmisyon at makasal sa templo.

## 7 IGALANG ANG PAPEL NG AMA AT INA SA PAGPAPALAKI NG MGA ANAK

Ang pagpapahayag ay nagbabahagi rin ng ilang mahahalagang payo tungkol sa pagpapalaki sa mga anak: "Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may *pantay na pananagutan.*"

Kung minsan nadarama ng isang magulang na siya ang mas karapat-dapat na magpalaki at magdisiplina sa mga anak. Paulit-ulit na itinuro ng mga propeta ng dispensasyong ito na ang mga mag-asawa ay magkatuwang sa kanilang pagsasama, na lahat ng desisyon na may kinalaman sa pamilya ay dapat nilang gawin nang magkasama at sa maayos na paraan.

Ang magkatuwang ay may pantay na pananagutan. Sumangguni sa isa't isa at manalangin nang magkasama. Magpagabay sa Espiritu para malaman ang pinakamabisang paraan ng pagpapalaki sa inyong mga anak nang magkasama. Ang kanilang walang-hanggang tadhana ay maaapektuhan ng inyong mga desisyon.

## 8 GAMITIN ANG INYONG KALAYAANG MORAL NA PILIING SUNDIN ANG TAGAPAGLIGTAS

Ang desisyon kung ano ang kapupuntahan ninyo pagkaraan ng 20 taon o 20 siglo ay nasasainyo. Malaya kayong magpasiya; gayunpaman, ang mga ibubunga sa kawalang-hanggan ay nagmumula sa inyong mga pasiya. Dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ang mga tao "ay tinubos mula sa pagkahulog [at] sila ay naging malaya magpakailanman, nakikilala ang mabuti sa masama; *kumikilos para sa kanilang sarili* at hindi pinakikilos, maliban sa kaparusahan ng batas sa dakila at huling araw, alinsunod sa mga kautusang ibinigay ng Diyos.

"Anupa't ang mga tao ay . . . malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag

at kapangyarihan ng diyablo; sapagkat hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili" (2 Nephi 2:26–27; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kinapopootan kayo ni Satanas dahil sa inyong pagkatao at sa kinakatawan ninyo. Gusto niya kayong maging miserable, katulad niya. Mahal kayo ni Jesucristo. Pinagbayaran Niya ang inyong mga kasalanan. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa inyo. Inaanyayahan Niya kayong sumunod sa Kanya at magsisi, kung kailangan. Kapag nagpasiya kayong sundin ang Tagapagligtas, magkakaroon kayo ng "kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating."[3]

## 9 MAGKAROON NG PANANAMPALATAYA NA MAGTIIS HANGGANG WAKAS

Ang pananampalataya ay dumarating kung kayo ay nagbabalik-loob sa Panginoon. Itinuro ng propetang si Nephi: "Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20).

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson kamakailan sa pangkalahatang kumperensya na, "Ang hinaharap ay kasingliwanag ng inyong pananampalataya."[4] Kabilang diyan ang pananampalatayang manatiling tapat at malampasan ang lahat ng hadlang, pati na ang mga ginawang kasalanan sa inyo, mga pagtataksil, at pagkasiphayo. Ang pananalig ninyong magtiis ang magtatakda ng inyong tadhana, maging ng inyong walang-hanggang tadhana.



## 10 ISUKO ANG INYONG KALOOBAN SA KALOOBAN NG DIYOS

Nawa'y naantig ng Diyos ang inyong kaluluwa na hangaring maging mas mabuti at magpakabuti pa at sundin ang payo ng ating buhay na mga propeta. Nawa'y nakadama kayong hangarin na tibayan ang inyong pangakong marating ang lahat ng inorden ng Diyos na marating ninyo.

"Mga kapatid, hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sumulong at huwag umurong. Lakas ng loob, . . . at humayo, humayo sa pananagumpay! . . . Tayo, samakatwid, bilang isang simbahan at mga tao, at bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay maghain sa Panginoon ng isang handog sa kabutihan" (D at T 128:22, 24).

Ano kaya ang alay na iyon na maibibigay ng bawat isa sa inyo sa Diyos? Iyon ang regalong hinding-hindi Niya hihingin sa inyo. Iyon ay ang isuko ang inyong kalooban sa Kanyang kalooban. Iyon ay ang ialay ang inyong kalayaan sa altar ng personal na sakripisyo.

Nakasaad sa isa sa *Lectures on Faith,* na inihanda ng naunang mga Kapatid sa dispensasyong ito, na: "Ang isang relihiyon na hindi nangangailangan ng pagsasakripisyo ng lahat ng bagay ay hindi kailaman magkakaroon ng sapat na kapangyarihan upang lumikha ng pananampalatayang kailangan tungo sa buhay at kaligtasan."[5]

Ang inyong kalayaan ang isang bagay na talagang sa inyo na maibibigay ninyo bilang handog sa Diyos. Sa pagboboluntaryong isuko ang inyong kalooban sa Kanyang kalooban, kayo ay magiging katulad Niya.


Magtatapos ako sa aking patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Sa tindi ng inyong pagsampalataya kay Jesucristo, pagsuko ng inyong kalooban sa kalooban ng Diyos, pagsunod sa payo ng Kanyang mga propeta, at pagsunod sa mga pahiwatig ng Espiritu, kayo ay magiging tapat, maligaya, at matagumpay. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "Where Will You Be in 20 Years?" na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Mayo 15, 2012. Para sa buong mensahe sa Ingles, magpunta sa web.byui.edu/devotionalsandspeeches.*

**MGA TALA**

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Bruce R. McConkie, "Agency or Inspiration?" *New Era,* Ene. 1975, 38.
3. Gordon B. Hinckley, *Caesar, Circus, or Christ?* Brigham Young University Speeches of the Year (Okt. 26, 1965), 8; tingnan din sa Russell M. Nelson, "Spiritual Capacity," *Ensign,* Nob. 1997, 16.
4. Thomas S. Monson, "Magalak," *Liahona,* Mayo 2009, 92.
5. *Lectures on Faith* (1985), 69.


TEMA NG MUTWAL PARA SA 2017




# HUMINGI

Santiago 1:5–6

"Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya.
"Nguni't humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan. Sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila."





Bakit ang temang ito ang pinili, at ano ang kahulugan nito sa inyo? Ibinahagi nina Brother Stephen W. Owen, Young Men General President, at Sister Bonnie L. Oscarson, Young Women General President, ang kanilang iniisip.

## BAKIT PINILI ANG TALATANG ITO?

**Sister Oscarson:** Alam ng Panginoon kung anong mensahe ang kakailanganin ninyo, at kahanga-hanga kung paano nasasagot ng tema ang ilang mga isyu na lumilitaw sa buong taon at kung paano ito talagang akma sa nangyayari sa inyong buhay.

Nang talakayin namin ang Santiago 1:5–6 bilang posibleng tema sa taong ito, napuspos ng Espiritu ang silid. At nagkasundo kaming lahat na magiging maganda ang talatang ito para sa ating mga kabataan dahil may ilang koneksyon ito. May koneksyon ito sa kasaysayan ng Simbahan—ito ang talatang binasa ni Joseph Smith na nag-udyok sa kanya na magpunta sa Sagradong Kakahuyan at manalangin. At ang pangalawang malaking koneksyon ay na nagpapatotoo ito sa banal na misyon ni Joseph Smith, isang bagay na kailangan natin sa panahon na ang kanyang reputasyon at ang kasaysayan ng Simbahan ay patuloy pa ring pinagdududahan ng mundo. Mensahe rin ito kung paano tayo tumatanggap ng personal na paghahayag sa ating buhay, na kailangang malaman ng lahat.

**Brother Owen:** Napakaraming nangyayari sa inyong buhay sa ngayon, at napakarami ninyong tanong. Sa dinami-dami ng social media at mga search engine natin, napakarami ninyong mapagbabalingan para mahanap ang mga sagot sa inyong mga tanong ukol sa pananampalataya. Ipinakikita ng pangunahing talatang ito ang proseso ng paghahayag kay Joseph Smith, na isang huwarang maaari nating sundan.

## PAANO MAGAGAWANG PERSONAL AT MAGAGAMIT NG MGA KABATAAN ANG SANTIAGO 1:5–6?

**Sister Oscarson:** Napakaraming mensahe ng talatang ito. Sinasabi nito na, "Humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan" (Santiago 1:6). Isa itong matinding sandali. Nguni't kailangan kayong humingi nang may pananampalataya, nang walang anomang pagaalinlangan.

**Brother Owen:** At ang ibig sabihin ng humingi nang may pananampalataya ay magtanong nang may tunay na layunin. Nang matanggap ni Joseph Smith ang sagot kung aling simbahan ang aaniban, hindi lamang niya sinabing, "Sabagay, magandang malaman iyan, pero . . ." Humayo siya nang may pananampalataya.

**Sister Oscarson:** Alalahanin na ang matwid na panalangin ay hindi paghiling ng gusto natin kundi pagalam kung ano ang gusto ng Diyos para sa atin.

## ANO ANG IBIBIGAY NINYONG PAYO SA MGA KABATAAN TUNGKOL SA PAGGAMIT NG PANALANGIN SA KANILANG BUHAY?

**Sister Oscarson:** Ugaliin ito. Hindi ninyo ito maaaring kalimutan. Hindi ninyo ito maaaring kaligtaan. Binigyan tayo ng kapatid ni Jared ng halimbawa niyan (tingnan sa Eter 2:14).

**Brother Owen:** Ang madalas na pagkalimot na manalangin ay ibang usapan, ngunit higit na nakababahala ang pagtalikod sa Panginoon at pagtangging manalangin. Kapag nadarama ninyo na hindi kayo dapat manalangin, iyon ang oras na talagang kailangan ninyong manalangin. At kung nagdarasal kayo at nagbabasa ng mga banal na kasulatan, maaayon kayo sa Espiritu. At kung hindi, ilalayo ninyo ang inyong sarili sa Espiritu.

**Sister Oscarson:** Maaari tayong tuwirang makipag-usap sa Diyos. Wala Siyang ibinigay na limitasyon sa oras. Napakagandang kaloob ang malaman na magagawa natin iyan at na palagi Siyang nariyan.

## PAANO KAYO NATUTONG MANALANGIN SA MAKABULUHANG PARAAN?

**Sister Oscarson:** Wala akong maisip na partikular na karanasan; bunga ito ng mga karanasan ko mula noon hanggang ngayon. Ang pagdarasal ay naging isa sa mga pinakamakabuluhang bahagi ng araw ko dahil sinisikap kong gawin ito palagi. Mas natuto akong makinig at tumanggap ng mga sagot. Natututo tayo at humuhusay tayo habang ginagawa natin ito. Basta't palagi ko itong ginagawa bawat araw, na tinitiyak na hindi ko pinalilipas ang pagkakataong makipag-usap sa aking Ama sa Langit. Kapag mas madalas tayong nagdarasal, mas natututo tayong makinig sa mga sagot na iyon.

**Brother Owen:** Noong bata pa ako, kapag may kailangan talaga

akong malaman, naaaIala ko ang Unang Pangitain at naiisip kong, “Ginawa iyon ni Joseph Smith. Hindi ko kailangan ng malaking pagpapamalas, pero kailangan ko ng sagot.” Kaya may pananampalataya kong sinunod ang huwarang iyon. Naaalala ko na lumuhod ako at nagyuko ng ulo at nanalangin nang malakas. Ang patuloy na pagsunod sa huwarang iyon ay maraming beses na nagpala sa aking buhay upang makatanggap ng personal na paghahayag.

## ANO ANG ISA SA PINAKAMAHAHALAGANG BAGAY NA MATUTUTUHAN NG MGA KABATAAN MULA SA TALATANG ITO?

**Brother Owen:** Gusto ko lang muling bigyang-diin ang huwaran ng panalangin na pinasimulan ni Joseph Smith. Sa edad lamang na 14 anyos, litung-lito siya, kaya binasa niya ang kanyang mga banal na kasulatan. Ang Unang Pangitain ay hindi isang saglit lang kung saan basta lumuhod lang si Joseph. Marami siyang ginawang paghahanda bago iyon. Paulit-ulit niyang pinagnilayan ang kanyang tanong. Nang matagpuan niya ang Santiago 1:5–6, sinabi niya, “Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:12). Tumimo ito sa kanyang puso, at kumilos siya ayon dito. Nanalangin siya nang may tunay na hangarin at sumulong nang may pananampalataya. At iyan ang inaasahan naming madama ninyo sa talatang ito sa buong 2017. ■



### MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON ONLINE

Nagpaplano man kayo ng isang aktibidad o kumperensya o iniisip lang ang tema sa sarili ninyo, matatagpuan ninyo ang sining, musika, at karagdagang mga sanggunian para sa tema ng Mutwal sa taong ito sa **lds.org/go/11752.**




“Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya. “Nguni't humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan. Sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila.”

Santiago 1:5–6

# 5 PANGAKO NG PANALANGIN

**Ni Carlisa Cramer**

Ibinigay ng Ama sa Langit ang panalangin bilang isang paraan ng tuwirang pakikipag-usap sa Kanya para magpasalamat, humingi ng mga pagpapala, at umunlad sa espirituwal. Kung minsan ang kailangan lamang ay magyuko ng ulo, humalukipkip, at sumambit ng ilang simple at taos-pusong salita. Ang galing, 'di ba? Narito ang limang iba't ibang pangako o pagpapalang matatanggap natin kung mananalangin tayo:

## 1 LAKAS NA MAKAPANAIG


Dahil tao tayo, nakadarama tayo ng kahinaan sa maraming paraan—sa katawan, damdamin, espiritu, at isipan. Maaari tayong mahirapang makipagpaligsahan o pumasa sa isang pagsusulit o paglabanan ang tukso o madama ang Espiritu. Ngunit ang panalangin ay mabibigyan tayo ng lakas na kailangan natin upang madaig ang *anumang* hatid sa atin ng buhay.

Sabi nga ni Nephi, "Ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila" (1 Nephi 3:7). Mabibigyan tayo ng Panginoon ng lakas na isagawa ang anumang mabuting bagay na sinisikap nating gawin kung iyon ang Kanyang kalooban.

Manalangin para sa lakas na paglabanan ang tukso. Manalangin para sa lakas na magtuon at mag-aral na mabuti para sa isang pagsusulit. Manalangin para sa lakas na tumakbo at hindi mapagod. Manalangin para sa lakas, at palalakasin ka Niya.



## 2 KAPATAWARAN



Bagama't masarap isipin ang kabaligtaran, hindi tayo perpekto. Nakakagawa tayo ng mga kamalian, at bahagi lang iyan ng buhay. Ngunit ang Panginoon ay naglalaan ng daan para maiayos ang mga ito: ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. At ang isang pag-access sa Kanyang kapangyarihan ay ang panalangin.

Kapag humingi ng kapatawaran sa pamamagitan ng panalangin, maaaring mapatawad ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Bagama't ang mas malalaking kasalanan ay maaaring mangailangan ng tulong ng isang bishop o branch president, ang personal at taos-pusong panalangin ay *palaging* magiging isa sa mga unang hakbang tungo sa kapatawaran—hinihiling man natin sa Ama sa Langit na patawarin tayo o kaya'y tulungan tayong patawarin ang ibang tao. Tutulungan pa niya tayong matuto kung paano patawarin ang ating sarili.

MGA PAGLALARAWAN NI CLAYTON THOMPSON

## 3 KAALAMAN AT PATNUBAY

Personal na paghahayag marahil ang isa sa unang ipinangakong mga pagpapala ng panalangin na naisip mo, lalo na sa bagong tema ng Mutwal na nasa isipan mo. Kulang ang kaalaman ni Joseph Smith tungkol sa kung aling simbahan ang sasalihan, kaya lumuhod siya sa Sagradong Kakahuyan, nagtanong, at tumanggap ng sagot—sa napakalaking paraan.

Ngunit ang paghahayag ay hindi lamang para sa mga propeta, at hindi ito kailangang maging isang napakahalagang karanasan. Kung kulang sa karunungan ang sinuman sa atin, *maaari* at *dapat* tayong humingi sa Diyos. Sasagot Siya, bagama't kung minsa'y hindi sa paraang inaasahan natin. Sasagutin ng Panginoon ang ating mga tanong at gagabayan ang ating buhay, ngunit kailangan muna tayong humingi!



## 4 HANGARING GAWIN ANG KALOOBAN NG PANGINOON

Maaaring mas mahirap itong ituring na pagpapala—dahil, ang totoo, kung minsa'y gusto natin ng mga bagay-bagay para sa ating sarili na ayaw ng Panginoon para sa atin. Ngunit kapag ipinagdasal natin na tunay tayong magbalik-loob at magkaroon ng hangaring gawin ang kalooban ng Panginoon, mapapansin natin ang isang bagay na kamangha-mangha: parang nagugustuhan na natin ang gusto Niya.

Gayunpaman, ang pagbabagong ito ng puso ay hindi agad-agad na nangyayari. Sabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Para sa marami sa atin, ang pagbabalik-loob ay tuluy-tuloy na proseso at hindi minsanang pangyayari na bunga ng isang matinding karanasan. Taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin, dahan-dahan at halos hindi mapupuna, ang ating hangarin, kaisipan, mga salita at gawa ay umaayon na sa kagustuhan ng Diyos" ("Nagbalik-loob sa Panginoon," *Liahona,* Nob. 2012, 106–9).



## 5 KAPAYAPAAN

Ang isa sa mga pagpapalang ipinangako sa atin kung magdarasal tayo ay kapayapaan at kapanatagan sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Tutal naman, ang tawag sa Kanya ay Mang-aaliw. Muli kong tinitiyak sa inyo na darating ang kapayapaan kahit sa mga oras ng paghihirap. Alalahanin ang pangako ng Panginoon sa Juan 14:27, "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." Kalaunan ay darating ang kapayapaan kung hihingin natin ito.



Ang panalangin ay tuwirang pakikipag-usap sa ating mapagmahal na Ama. Gamitin ito at hayaang pagpalain Niya kayo dahil dito. Ngunit matapos tanggapin ang mga pagpapalang hatid ng taos-pusong panalangin, alalahaning ipahayag ang inyong taos-pusong pasasalamat sa—tama kayo—isang panalangin. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

# 5 LIMANG BAGAY NA ITATANONG
## *Kapag Tila Hindi Nasasagot ang mga Dalangin*

**Ni Margaret Willden**

Nakapagdasal ka na ba at naghintay ng sagot na tila hindi na dumating? Hindi ka nag-iisa—ngunit makatitiyak ka na talagang diniririnig ng Ama sa Langit ang iyong mga dalangin. Mahalagang tandaan na ang mga sagot ay maaaring hindi dumating sa *oras* o sa *paraan* na nais mo at na alam palagi ng ating Ama sa Langit kung ano ang pinakamainam.

Narito ang ilang tanong na maaari mong itanong sa iyong sarili kapag nahihirapan kang tumanggap ng mga sagot sa isang panalangin:

### 1 Handa ba akong kumilos ayon sa sagot?

Ang ibig sabihin ng pagdarasal nang may pananampalataya ay maging handang kumilos ayon sa sagot na natanggap mo—ito man ang sagot na inaasahan mo o hindi. Minsa'y tinanggap ni Propetang Joseph Smith ang tagubiling ito: "Ihanda ang iyong puso upang tanggapin at sundin ang mga tagubiling aking ibibigay sa iyo; sapagkat ang lahat ng yaong mayroong batas na ito na ipinahayag sa kanila ay kailangang sundin ang gayon din" (D at T 132:3). Kung ipagdarasal mo kung dapat kang dumalo sa party na iyon o hindi, susundin mo ba kahit ano ang mangyari (kahit ang sagot ay hindi)?

### 2 Ginawa ko na ba ang lahat sa abot ng aking makakaya?

Sabihin nating hindi ka nag-aral para sa pagsusulit mo sa science dahil sa halip na mag-aral ay sumama ka sa mga kaibigan mo. Tutulungan ka ba ng Ama sa Langit na pumasa sa pagsusulit mo kung hihingi ka lang ng tulong sa Kanya?

Kailangan nating gampanan ang ating bahagi para matanggap ang mga pagpapala. Kaya sa pag-aaral para sa isang pagsusulit, maaari kang manalangin para sa lakas na makakuha ng mataas na marka batay sa iyong paghahanda.

Isipin ang halimbawa ng mga anak ni Mosias, na nagtagumpay sa kanilang gawaing misyonero nang dagdagan pa nila ang kanilang pagsisikap: "Itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos" (Alma 17:3).



### 3 Binalewala ko ba ang sagot?

Palagi kang dinirinig ng Ama sa Langit, kaya posibleng nasagot na Niya ang iyong panalangin! Gaya ng nakasaad sa Doktrina at mga Tipan 6:14, "Ikaw ay nagtanong sa akin, at masdan, sa tuwing magtatanong ka ikaw ay makatatanggap ng tagubilin mula sa aking Espiritu." Maaari mong ipagdasal na makita ng espirituwal na mga mata mo ang sagot, dahil ang mga panalangin ay sinasagot kung minsan sa mga paraang hindi halata o hindi tuwiran—tulad ng sa pamamagitan ng mga kilos ng iba.

Gayundin, huwag kalimutang mag-ukol ng oras na pakinggan ang sagot. Ipinaliwanag ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol na: "Bihirang dumating ang [mga sagot ng Ama sa Langit] habang nakaluhod kayo at nananalangin. . . . Sa halip, magpaparamdam Siya sa inyo sa tahimik na mga sandali kung kailan maaantig na mabuti ng Espiritu ang inyong puso at isipan" ("Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin," *Liahona,* Mayo 2007, 9).

### 4 Matwid ba ang aking mga hangarin?

Kung may hiniling ka na hindi makakabuti sa iyo, malamang na hindi ipinagkaloob ang kahilingan mo. Itinuro ng Tagapagligtas na "dapat tayong laging manalangin sa Ama sa pangalan [ni Jesucristo]" (3 Nephi 18:19), na nagmumungkahi na hilingin natin ang mga bagay na tama para maipagkaloob ang mga ito. Itanong sa iyong sarili, "Ano ang madarama ng Tagapagligtas tungkol sa mga gusto ko?" Kung ang mga naisin mo ay sanhi ng kasakiman o iba pang uri ng kasamaan, ipagdasal na magbago ang iyong puso at malaman ang nais ng Tagapagligtas na naisin mo.

### 5 Ito ba ang tamang oras?

Kailangan ay tama ang ating hinihiling, at kailangan ay nasa tamang oras din ito. May dakilang plano ang Ama sa Langit para sa atin, ngunit kung minsan ay medyo kaiba ang iskedyul natin kaysa Kanya. "Ang aking mga salita ay tiyak at hindi mabibigo. . . . Gayunman lahat ng bagay ay kinakailangang mangyari sa kanilang panahon" (D at T 64:31–32). Maaaring mangailangan ng kaunting panahon para gumaling ang sugat na iyon o mahanap ang nawawalang alagang hayop, at kung minsa'y sakop ng panahon ng Panginoon ang kabilang-buhay—ngunit makatitiyak ka na diringgin at tutulungan ka Niya sa tuwina.




Maaaring mahirap maging matiyaga, lalo na kapag ang sagot sa iyong panalangin ay hindi halata. Ngunit sa iyong pagsasaliksik, magkakaroon ka ng lakas-ng-loob sa pagkaalam na palagi mong mahahanap ang mga sagot na kailangan mo kung hahanapin mo ito nang may tunay na layunin: "At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso" (Jeremias 29:13). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New York, USA.*

# HUMINGI SA DIOS

Mga titik at himig ni
Nik Day




Kung mag-ta - nong ka'y sa - sa - got S'ya. Pa - ga - ga - li - ngin ka N'ya.
A♭ E♭ B♭
Pu - mi - kit at bu - mu - long ka, At S'ya'y 'yong ma-da - ra - ma. Kung i - ka'y
E♭ E♭/G A♭ E♭ B♭ E♭ E♭/G
na - hi - hi - ra - pan I - ka'y tu - tu - lu - ngan N'ya.
A♭ E♭ B♭ Cm
Sa Coda
(ikatlong beses)
At kung may ku - lang, hu - mi - ngi ka sa Dios.
A♭ E♭ B♭ E♭
At kung da - ti i - ka'y ta - kot, gi - ni - gi - naw, na - li - li - gaw, Pa - na - na -
A♭ E♭ G







PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH



© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa tahanan o simbahan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

# Santiago 1:5–6

*Itinuro sa atin ni Santiago kung paano humingi sa Diyos para makatanggap tayo ng sagot.*



### Humiling nang May Pananampalataya

"Ang kinakailangan sa paghingi nang may pananampalataya, ay nangangahulugan ng pangangailangang hindi lamang sabihin kundi gawin, ang dalawang obligasyong kapwa humiling at magsagawa, ang pangangailangang makiusap at kumilos."

Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Humingi nang May Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2008, 94.

### Nagkukulang ng Karunungan

Kahit paano, lahat tayo ay nagkukulang sa karunungan na tanging Diyos lamang ang makapagbibigay sa atin. "Ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Dios" (I Mga Taga Corinto 2:11). Kaya kailangan nating lahat na humingi sa Kanya.

### Nang Sagana

*Nang Sagana*—Ang ibig sabihin ng salitang Griyego na pinagmulan ng salin nito ay "kasimplihan," na maaaring magpahiwatig ng pagtutuon ng isipan sa layunin ng Diyos na bigyan tayo nang bukas at sagana.

### Hindi Nanunumbat


Sasagutin kayo ng Diyos at hindi kayo *susumbatan* (pipintasan, pagagalitan, o kakastiguhin) kailanman sa mapagpakumbaba ninyong paghingi sa Kanya ng sagot sa isang tapat na katanungan.

5 Kung nagkukulang ng karunungan
ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios,
na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi
nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya.
6 Nguni't humingi siyang may pana-
nampalataya, na walang anomang
pagaalinlangan. Sapagka't yaong nag-
aalinlangan ay katulad ng isang alon ng
dagat na itinutulak ng hangin at ipina-
padpad sa magkabikabila.

### Nagbibigay sa Lahat ng Tao

"Wala siyang tinatanggihan sa mga lumalapit sa kanya, . . . at pantay-pantay ang lahat sa Diyos."

2 Nephi 26:33



### Walang Anomang Pagaalinlangan

"Sa oras ng pagdurusa, pahalagahan sa lahat ang inyong mga tipan at hustuhin ang inyong pagsunod. Sa gayo'y makahihiling kayo nang may pananampalataya, walang pag-aalinlangan, ayon sa inyong pangangailangan, at ang Diyos ay sasagot."

Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Kapangyarihan ng mga Tipan," *Liahona,* Mayo 2009, 22.

### Humingi sa Dios

"Ang mga panalangin ay nakapatungkol sa ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo. . . .

"Ang pakay ng panalangin ay hindi upang baguhin ang kalooban ng Diyos, kundi upang maisiguro sa ating sarili at sa iba ang mga pagpapala na nais ng Diyos na ipagkaloob, ngunit kinakailangan nating hilingin upang matanggap."

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin," scriptures.lds.org.

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling mga talata sa Doctrinal Mastery, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*



# Selestiyal NA MGA SANDALI

*Kung minsan ang langit ay parang hindi naman ganoon kalayo.*

**Ni Hollie Megan Laura Hunter**

Isang araw, itinuro sa amin ng mga lider namin sa Young Women ang tungkol sa mahahalagang sandali kung saan nadarama mo talaga ang Espiritu at dama mong malapit ka sa Diyos. Ang tawag nila sa mga ito ay "mga selestiyal na sandali," isang simpleng kataga na madaling matandaan. Para sa akin, alam ko talaga ang ibig sabihin ng "selestiyal na sandali"; nadama ko na ito noon, tulad nang kapag nadama mo kahit paano o natikman ang uri ng buhay sa kahariang selestiyal. At marami ako ng ganitong mga sandali!

Matapos ipaunawa ng aming mga lider ang ideya, lumabas kami. Sumisilay ang araw sa mga puno. Nagpikit kami ng mga mata. Nadama ko ang sikat ng araw sa aking mukha nang umihip ang mainit-init na hangin. Umawit ang mga ibon at umindayog ang mga puno sa hangin habang nasisiyahan kami sa mga likha ng Diyos. Iyon ay isang selestiyal na sandali.

Ang isa pang pagkakataon na nagkaroon ako ng selestiyal na sandali ay matapos mabinyagan ang pinakamatalik kong kaibigan. Habang naglalakad kami noon pabalik sa chapel para tapusin ang serbisyo, hinawakan niya ang kamay ko at ikinuwento niya kung gaano kasaya na naging magkaibigan kami at mananatili iyong gayon—maging hanggang sa mga kawalang-hanggan. Hinding-hindi ko malilimutan iyon. Natuwa at masaya at nagpasalamat ako!

Makalipas ang isang taon o mahigit pa, kapwa kami nagalak na magkasamang muli nang tumayo kami sa harap ng bautismuhan at masdan ang kanyang ina sa paglusong sa mga tubig ng binyag. Talagang maganda ang paligid.

Marahil ang pinakamagandang lugar para maranasan ang mga ito ay sa loob ng bahay ng Panginoon. Noong una akong pumasok sa templo, pinalad akong makadalo na kasama ang aking mga magulang at kapatid. Nabinyagan ako para sa aking lola-sa-tuhod, at nadama ko na masaya siya.

Ang selestiyal na mga sandali ay maaaring mangyari saanmang lugar at anumang oras—habang nakikinig ng musika o sa oras ng family home evening o sa paaralan. Naaalala ko ang isang family home evening kung saan hindi matigil sa pagtawa ang lahat! Isa iyon sa paborito kong mga sandali.

Ang selestiyal na mga sandali ay nagpalakas ng aking patotoo at tinulungan akong magkaroon ng mas mapagpasalamat na espiritu. Tinuruan ako ng mga ito ng dakilang mga aral. Higit sa lahat, ginawa ako nitong masaya at nasasabik tungkol sa ebanghelyo! Alam ko na kung patuloy kong pipiliing ipamuhay ang ebanghelyo, lahat ng kagandahan, kaligayahan, kapayapaan, at pagmamahal na nadarama ko sa bawat selestiyal na sandali ay isang bagay na lagi kong madarama—nang higit pa—sa kahariang selestiyal. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa North Lanarkshire, Scotland.*

# ANG BAHAGING PARA SA ATIN



Larawan ng Nauvoo Illinois Temple na kuha ni Michaela S., Florida, USA




*Itaas: Ang larawang ito ay kumakatawan sa pagmamahal ng Diyos sa akin at sa aking mga kapatid, na ang isa sa kanila ay full-time missionary ngayon. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay isang di-mailarawang galak sa aming buhay.*

Kenia R. sa Monterrey Mexico Temple

## PAGTANGGAP SA #TEMPLECHALLENGE

Nabinyagan ako noong 2012 at nagsimba sa isang branch sa Ipoméia Brazil District. Simula 2014, talagang gumagawa na ako ng family history. Nagsimula ito sa imbitasyon ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol sa RootsTech na gumawa ng mga pagbibinyag para sa sarili kong mga kamag-anak. Nadama ko na talagang kailangan kong gumawa ng family history, batid na kung ako ay "tutuktok," ito ay "bubuksan" (tingnan sa Mateo 7:7).

Ngayon ay mas marami akong henerasyon, retrato, dokumento, at, ang pinakamahalaga, mas maraming kuwento tungkol sa pamilya, na nakakatuwa talaga. Sa pagkakaroon ng impormasyong ito, sumulat ako ng isang aklat na may mga retrato at petsa mula sa aking family history. Nakatulong sa akin ang proyektong ito na makontak ang mga kapamilya kong hindi miyembro at binigyan ako nito ng pagkakataong ibahagi ang aking patotoo na ang mga pamilya ay maaaring maging walang hanggan.

Natulungan ako ng gawaing ito na tumayo sa mga banal na lugar, manatiling aktibo sa Simbahan, at tumanggap ng tungkuling maglingkod sa Panginoon sa isang misyon.

May patotoo ako na ang gawain ng kaligtasan na ginagawa ng Simbahang ito sa magkabilang panig ng tabing ay totoo at binigyang-inspirasyon ng ating Ama sa Langit. Bago ako nagmisyon, nagkaroon ako ng pagkakataong magsagawa ng mga binyag para sa aking mga ninuno, at ngayon bilang missionary may pagkakataon akong binyagan ang mga taong buhay at gustong baguhin ang kanilang buhay magpakailanman. ■

Elder Claudio Klaus Jr., Arizona Mesa Mission



**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# PAANO IBABAHAGI ANG EBANGHELYO

Hindi tayo dapat humingi ng paumanhin sa ating mga pinaniniwalaan ni umurong sa mga bagay na alam nating totoo. Gayunpaman maibabahagi natin ito sa diwa ng mapagmahal na pag-unawa—**nang matapang at may pagtitiwala,** at may mga matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos—nang hindi pinipilit ang ating mga tagapakinig o nadaramang bigo tayo sa ating tungkulin kung hindi nila kaagad tinanggap ang ating pinaniniwalaan.

Kapag kasama natin ang Espiritu Santo, makagagawa tayo ng mga simpleng bagay na tutulong na mas maipaunawa ang ebanghelyo sa buhay ng mga miyembro na di-gaanong aktibo sa Simbahan gayundin sa mga hindi natin [kapanalig]. Hindi na kailangan pa ng anumang bagong programa upang magawa ito. Hindi na natin kailangan pa ng hanbuk o tungkulin o pagsasanay. Ang tanging kinakailangan lamang ay ang matutuhan ng mabubuting miyembro ng Simbahan na **umasa sa kapangyarihan ng Espiritu Santo** at, sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, [tulungan] at [antigin] ang buhay ng mga anak ng ating Ama. Wala nang mas dakilang paglilingkod na maibibigay natin maliban sa pagbabahagi ng ating **personal na mga patotoo** sa mga nagkukulang ng pang-unawa sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Kaya, mga kapatid, handa na ba tayong gumawa ng mahahalagang bagay? Mapagpapasiyahan ba ng bawat isa sa atin ngayon na **dagdagan ang ating personal na espirituwal na paghahanda** sa pamamagitan ng paghahangad ng patnubay ng Espiritu Santo at pagkatapos, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan bilang ating kasama, ay higit na pagpalain ang mga anak ng ating Ama ng pang-unawa at kaalaman na totoo ang Simbahan?

Pinatototohanan ko na ang Tagapagligtas ay buhay at pagpapalain Niya ang bawat isa sa atin kung gagawin natin ang lahat ng ating makakaya upang isulong ang dakilang gawaing ito ng Kanyang Simbahan. Nawa'y mapagpasiyahan ng bawat isa sa atin na gumawa ng bagay na higit pa [rito]. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2000.*

## PAANO NINYO ITO NASUNOD?

Nagpapasalamat ako na pinalaki ako sa Simbahan. Gustung-gusto kong ibinabahagi ang ebanghelyo, at sinisikap kong maging mabuting halimbawa, dahil alam ko na minamasdan ako ng mga kaibigan ko at ng ibang tao, lalo na ng aking Ama sa Langit. Wala kayong ginagawa na hindi pinapansin o binabalewala ng ating Ama sa Langit. Kailangan ninyong sikaping gawin ang tama at ibahagi ang ebanghelyo sa Kanyang mga anak, sapagkat napakaraming oportunidad para gawin iyan; kailangan lang ninyong manalangin para mahanap at magamit ang mga oportunidad na iyon.

**Chari G., Arkansas, USA**

# TUWIRANG SAGOT


## Bakit mas malaking kasalanan ang hindi magpatawad kaysa gawan ng pagkakamali ang isang tao?

Itinuro ng Panginoon na: "Nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan.

"Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao" (D at T 64:9–10).

Kapag ipinagkait natin ang pagpapatawad, mas pinangingibabaw natin ang ating limitadong paghatol kaysa sa perpektong paghatol ng Panginoon. Perpekto ang kaalaman Niya tungkol sa puso at kalagayan ng mga tao, at ang paghatol ay sa Kanya lamang. Sa huli ay perpektong kahatulan at awa ang ibibigay Niya sa lahat—kapwa sa mga gumawa ng kamalian sa ibang tao at sa mga taong ginawan ng kamalian.

Bukod pa rito, sa pag-uutos sa atin na magpatawad, tinutulungan tayo ng Panginoon na piliin ang kaligayahan sa halip na kalungkutan, na kalimutan ang ating mga sama-ng-loob at galit at tumanggap ng paggaling sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. At matutuklasan natin na, tulad ng ipinaalala sa atin ni Elder Kevin R. Duncan ng Pitumpu, "Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay hindi lamang para sa mga taong kailangang magsisi; ito ay para rin sa mga taong kailangang magpatawad" ("Ang Nakapagpapagaling na Pamahid ng Pagpapatawad," *Liahona,* Mayo 2016, 35). ■



## Ano ang pananaw ng Simbahan ukol sa depresyon, at paano ko haharapin ang depresyon?

Lahat ay nalulungkot paminsan-minsan, at ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at suporta ng pamilya, mga lider, at iba pa ay makakatulong sa atin na muling makasumpong ng kapanatagan, kagalakan, at kapayapaan. Ngunit kinilala na ng mga lider ng Simbahan na ang matinding depresyon, o major depressive disorder (MDD), ay isang mas matinding karamdaman na makakapigil sa kakayahan ng isang tao na lubos na gampanan ang kanyang tungkulin. Iminungkahi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ilang bagay na gagawin kung nahaharap ka sa matinding depresyon:


- Huwag mawalan ng pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
- Gawin ang mga bagay na naghahatid sa Espiritu sa iyong buhay (manalangin, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at marami pang iba).
- Humingi ng payo sa iyong mga magulang at lider ng priesthood.
- Humingi ng basbas ng priesthood.
- Makibahagi ng sakramento linggu-linggo, at kumapit nang mahigpit sa mga pangako ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.
- Bantayan ang mga stress indicator tulad ng pagod, at saka gumawa ng mga pagbabago.
- Kung hindi mawala ang iyong depresyon, kausapin ang mga magulang o lider ng priesthood tungkol sa paghingi ng payo sa isang mahusay na propesyonal na may mabuting pinahahalagahan.

(Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Parang Basag na Sisidlan," *Liahona,* Nob. 2013, 40–42.) ■

CHURCH HISTORY READING CHART

# Ang PANUNUMBALIK

Sa taong ito sa *Liahona,* pag-aaralan natin ang kasaysayan ng Simbahan. Buklatin sa pahina 68 para sa listahan ng mga talata sa banal na kasulatan na maaari ninyong basahin ng iyong pamilya sa buong taon. Pagkatapos magbasa, pag-usapan ang natutuhan ninyo; pagkatapos ay kulayan ang magkakatugmang bilang. Bawat larawan dito ay kumakatawan sa isang bahagi ng tunay na Simbahan ni Jesucristo na ipinanumbalik.





MGA PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND


36
37
38
41
49
29
30
51
50
44
28
31
48
35
46
43
40
39
47
32
34
45
52
33
42

## LISTAHAN NG MGA TALATA SA BANAL NA KASULATAN

Karamihan sa mga talatang ito ay mga paghahayag ng Panginoon kay Joseph Smith. Kulayan ang paglalarawan sa mga pahina 66–67 habang binabasa ninyo ang mga ito!

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:10–13
2. Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–17
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:30, 33–34
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:51–53
5. Joseph Smith—Kasaysayan 1:66–69
6. Doktrina at mga Tipan 1:37–38
7. Doktrina at mga Tipan 2:1–2
8. Doktrina at mga Tipan 4:1–7
9. Doktrina at mga Tipan 6:34–37
10. Doktrina at mga Tipan 8:2–3, 9–10
11. Doktrina at mga Tipan 10:5, 69
12. Doktrina at mga Tipan 11:6–7
13. Doktrina at mga Tipan 13:1
14. Doktrina at mga Tipan 18:10–13
15. Doktrina at mga Tipan 18:15–16
16. Doktrina at mga Tipan 19:16–19, 23–24
17. Doktrina at mga Tipan 20:75–79
18. Doktrina at mga Tipan 25:10–13
19. Doktrina at mga Tipan 27:15–18
20. Doktrina at mga Tipan 39:20–23
21. Doktrina at mga Tipan 46:10–12, 32–33
22. Doktrina at mga Tipan 49:25–28
23. Doktrina at mga Tipan 50:40–46
24. Doktrina at mga Tipan 51:13, 19
25. Doktrina at mga Tipan 58:26–28
26. Doktrina at mga Tipan 58:42–43
27. Doktrina at mga Tipan 59:9–10, 15–19
28. Doktrina at mga Tipan 64:9–11
29. Doktrina at mga Tipan 64:33–34
30. Doktrina at mga Tipan 76:19–24, 40–41
31. Doktrina at mga Tipan 78:17–19
32. Doktrina at mga Tipan 81:5–6
33. Doktrina at mga Tipan 82:3, 10, 14
34. Doktrina at mga Tipan 84:46–47, 62
35. Doktrina at mga Tipan 88:78–80
36. Doktrina at mga Tipan 88:118–120
37. Doktrina at mga Tipan 88:123–126
38. Doktrina at mga Tipan 89:1, 18–21
39. Doktrina at mga Tipan 90:15, 24
40. Doktrina at mga Tipan 97:15–16, 21
41. Doktrina at mga Tipan 98:11–12
42. Doktrina at mga Tipan 100:5–8
43. Doktrina at mga Tipan 101:16, 32, 36
44. Doktrina at mga Tipan 105:39–41
45. Doktrina at mga Tipan 107:6, 8, 13
46. Doktrina at mga Tipan 110:1–10
47. Doktrina at mga Tipan 119:4, 6–7
48. Doktrina at mga Tipan 121:7–9, 46
49. Doktrina at mga Tipan 121:41–45
50. Doktrina at mga Tipan 122:7–9
51. Doktrina at mga Tipan 130:20–23
52. Doktrina at mga Tipan 131:1–4



# LAGI bang sasagutin ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin?

**Ni Elder**
**Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol










MGA PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

*Mula sa "Faith in the Lord Jesus Christ,"* Ensign, *Mayo 1994, 98–100.*

# ANG ATING PAHINA




*Ginawa ng Panginoon ang Paglikha para sa mga anak ng Ama sa Langit. Mahal ko ang mga hayop at kalikasan.*

**Samuel M., edad 7, Madrid, Spain**





**Ni Alexandra M., edad 10, Maryland, USA**




**Ni Lissette N., edad 5, Madrid, Spain**




*Natutuhan ko sa sacrament meeting at sa mga klase ko sa araw ng Linggo na may mga bagay na hindi kasinghalaga ng iba. Ang pinakamahahalagang bagay ay ang ebanghelyo ni Jesucristo at ang pagiging masunurin sa ating Ama sa Langit. Gustung-gusto kong matuto.*

**Ian A., edad 5, Morelos, Mexico**



*Kapag bumibisita ako sa templo kasama ang pamilya ko, damang-dama ko ang Espiritu dahil alam kong sumasaamin ang Panginoon. Sinabi Niya, "[Halikayo], maliliit na bata" (tingnan sa Mateo 19:14).*

**Heitor A., edad 10, Paraná, Brazil**



# Ang Aklat sa Istante

**Ni Elder Walter F. González**
Ng Pitumpu

PAGLALARAWAN NI ROGER MOTZKUS

*"Babasahin ko, uunawaing husto"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *66*).

Ako ay 12 taong gulang noon nang marinig ko ang tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nakilala ko ang dalawang LDS missionary sa bus. Nagtanong sila kung maaari nilang turuan ang pamilya namin.

Iniwanan kami ng mga missionary ng kopya ng Aklat ni Mormon at ng polyeto ng patotoo ni Joseph Smith. Kahanga-hanga ang mga magulang ko. Ngunit hindi sila sumapi sa Simbahan noong panahong iyon.

Nanatili sa aming istante ang dalawang babasahing iyon sa loob ng maraming taon. At isang araw noong 18 anyos na ako, naghanap ako sa aming istante ng magandang aklat na mababasa. Kinuha ko ang Aklat ni Mormon at binasa ko ang unang kabanata. Espesyal ang nadama ko habang nagbabasa ako.

Nagkaroon ako ng kakaibang karanasan kaya nalaman ko na ang aklat ay totoo. Ang Aklat ni Mormon ay may espesyal na mensahe tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Marami pa akong natutuhan tungkol sa sariling buhay ko at tungkol sa mga pagpapala ng Ama sa Langit.

Nalaman ko kalaunan na kahit 14 anyos pa lang si Joseph Smith, nagkaroon na siya ng lakas-ng-loob na basahin ang mga banal na kasulatan at magtanong sa Ama sa Langit kung aling simbahan ang totoo.

Mula noon, palagi ko nang sinusunod ang halimbawa ni Joseph Smith. Binasa ko ang mga banal na kasulatan at humiling ako ng tulong at patnubay sa Ama sa Langit. Ang panalangin at ang Aklat ni Mormon ay napakahahalagang bahagi ng aking buhay.

Kapag may mga problema ka, basahin ang Aklat ni Mormon at manalangin. Marami ka pang matututuhan tungkol sa ebanghelyo at mahahanap mo ang mga sagot na kailangan mo, tulad ko. Tandaan ang madarama mo kapag ginawa mo ito. ■



# Naging Marapat si Min-Jun



**Ni Kelly Hunsaker**
Batay sa tunay na buhay

*"Si Jesus ay kaibigan. . . . Na mapagmahal" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *37).*

Tumingin si Min-Jun sa mga ulap sa labas ng bintana. "Parang uulan bukas," sabi niya.

Nag-angat ng tingin si Lolo mula sa binabasa niyang diyaryo at tumango. Patapos na ang tag-init sa Seoul, South Korea, at simula na ng panahon ng habagat.

Itinabi ni Min-Jun ang isang payong sa damit na isusuot niya sa Linggo. "Palagay ko dapat po tayong umalis nang maaga bukas."

Ngumiti si Lolo. "Magandang ideya. Mas mahaba ang lalakarin natin, sakaling bumaha sa mas mababang kalye."

"Palagay po ba ninyo hindi babahain ang gusali ng Simbahan?" tanong ni Min-Jun. Noong isang taon nagbaha po sa basement noong panahon ng habagat.

"Oo nga," sabi ni Lolo. "Pero hindi masamang magdasal."

"Kung gayon po, ipagdarasal ko ang simbahan ngayong gabi. At na makarating tayo roon nang ligtas. *Jal-ja-yo* (good night)." Yumuko si Min-Jun at natulog na.

Kinaumagahan maaga silang umalis ng apartment. Tumingala si Min-Jun sa maiitim na ulap na pumuno sa kalangitan.

"Manampalataya ka," sabi ni Lolo.

Sinundan ni Min-Jun si Lolo paakyat sa makitid na hagdanan sa burol malapit sa kanilang apartment. Tumigil sila sa tuktok para magpahinga sandali. Basa na ang puting polo nila dahil sa matinding halumigmig sa hangin.

Inilahad ni Lolo ang kanyang palad para damhin ang unang





**PATULOY NA MAGSIKAP**

"Ang kahanga-hanga sa ebanghelyo ay napagpapala tayo sa ating mga *pagsisikap* kahit hindi tayo laging nagtatagumpay."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bukas ay Gagawa ng mga Kababalaghan ang Panginoon sa Inyo," *Liahona,* Mayo 2016, 125–126.**



patak ng ulan. "Nararamdaman mo ba iyan? Nagsisimula nang umulan."

Binuksan nila ang kanilang mga payong. Nang makarating sila sa susunod na hagdanan, malakas na ang ulan. Inaninag ni Min-Jun ang bawat baitang sa malakas na pagbuhos ng ulan. "Aray!" sigaw niya nang magkamali siya ng tapak at mapaluhod.

"Nasaktan ka ba?" tanong ni Lolo. Yumuko siya para tingnan ang butas sa pantalon ni Min-Jun.

"Gasgas lang po," sabi ni Min-Jun, na nanginginig ang boses.

"Maaayos natin iyan sa simbahan," sabi ni Lolo.

Inakyat nina Min-Jun at Lolo ang natitirang mga baitang ng hagdanan at lumiko papunta sa mas mataas na kalye.

"Mas malakas ang hangin dito," sabi ni Lolo, habang hawak nang mahigpit ang kanyang payong. Halos hindi mapigil ni Min-Jun ang kanyang payong. Biglang umihip nang malakas ang hangin at bumaligtad ito, at nasira ang payong sa dugtungan. Lumaylay ang mga balikat ni Min-Jun.

Iniabot ni Lolo ang payong niya. "Sumukob ka sa payong ko. Malapit na tayo."

Nagsukob sa payong sina Min-Jun at Lolo, pero hindi ito gaanong nakatulong para hindi sila mabasa ng ulan. Nang malapit na sila sa simbahan, narinig ni Min-Jun na nagkakantahan na.

"Nagsimula na po sila!" Tumakbo si Min-Jun sa pintuan sa harapan. Pagkatapos ay nakita niya ang sarili niya sa salamin. Magulo at basang-basa ang buhok niya, punit ang pantalon niya, at maputik ang sapatos niya. Lumayo siya sa pintuan at umatras nang ilang hakbang.



"Hindi . . . hindi ako puwedeng pumasok," pautal na sabi ni Min-Jun.

"Ayos ka naman," sabi ni Lolo.

"Pero marumi po ako at basa!"

Tiningnan ni Lolo si Min-Jun, pagkatapos ay tiningnan ang panukat ng ulan na nakatali sa bakod.

"Madaling sukatin ang ulan, Min-Jun, pero paano natin susukatin ang sarili natin?"

Napakurap si Min-Jun kay Lolo.


"Nakikita mo ang maputik na sapatos, gasgas sa tuhod, at magulong buhok, at iniisip mo na hindi ka gaanong karapat-dapat," sabi ni Lolo. "Pero may mas mabuting paraan ng pagsukat si Jesucristo. Nakikita Niya ang nilalaman ng puso mo at alam na tama ang ginagawa mo. Kung susukatin mo ang sarili mo ayon sa Kanyang paraan, makikita mo na umaapaw ang panukat."

Tumingin si Min-Jun sa panukat ng ulan. Patuloy itong nadaragdagan sa bawat patak ng ulan. Naisip niya kung gaano siya nagpakahirap na makarating sa simbahan at kung gaano siya kasigla at kasaya habang naroon siya. Naisip niya kung gaano niya kamahal ang Tagapagligtas at kung gaano siya kamahal ng Tagapagligtas.

Niyakap ni Min-Jun si Lolo, at sabay silang naglakad papasok sa simbahan. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Colorado, USA.*

# Huwag Kalimutang Ipagdasal si Erik



MGA PAGLALARAWAN NI MELISSA MANWILL

**Ni Julie Cornelius-Huang**

Batay sa tunay na buhay

*"Bawat tao'y malayang pumili't magpasya" (*Hymns, *blg. 240).*

Lumuhod ang pamilya ni Kari sa tabi ng sopa para magdasal. Bawat isa ay magalang na naghalukipkip ng kanilang kamay. Hinilingan ni Papa ang batang kapatid ni Kari na si Liv, na mag-alay ng panalangin.

"Huwag mong kalimutang pasalamatan ang Ama sa Langit sa *marami* nating pagpapala," paalala ni Papa sa kanya.

"At huwag mong kalimutang ipagdasal si Erik," dagdag ni Mama. Palaging ipinaaalala sa kanila ni Mama na ipagdasal si Erik.

Si Erik ay kuya ni Kari. Bago siya nagkolehiyo, matalik silang magkaibigan ni Kari. Talagang



hinanap-hanap ni Kari ang masasayang bagay na ginawa nila noon.

Ilang buwan pa lang ang nakararaan, sinabi ni Erik kina Mama at Papa na ayaw na niyang maging miyembro ng Simbahan. Nagulat at nalungkot si Kari at ang kanyang pamilya. Sinimulan nilang ipagdasal si Erik gabi-gabi. Kung minsan ipinagdarasal nilang madama ni Erik ang Espiritu Santo at gustuhin nang bumalik sa simbahan. Ipinagdasal ni Papa na magliwanag ang isipan ni Erik para makagawa siya ng mabubuting pasiya. Madalas ipagdasal ni Mama na matulungan sana si Erik ng isang taong pinagkakatiwalaan niya na mahanap ang tamang landas. Pagkatapos ng mga panalangin nilang lahat, hindi mapigil ni Kari na magalit nang kaunti. Bakit hindi pa ibinabalik ng Ama sa Langit si Erik sa simbahan?

Sa huli, nang magbukas ng bibig si Liv para magdasal, hindi na nakapagpigil si Kari. "Bakit hindi pa sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin natin?" bulalas niya. Gulat na napatingin ang lahat kay Kari, pero galit na galit siya kaya hindi niya napansin ito. Saglit na walang umimik.

"Kari," sabi ni Papa, "pag-uwi mo mula sa eskuwela kanina, itinabi mo ba ang backpack mo?"


"Po?" tanong ni Kari, na nalilito. Ano ang kinalaman ng backpack niya rito? Sumulyap siya sa pintuan sa harapan at nakita niya ang kanyang backpack na nakasandal sa dingding sa halip na nakasabit sa tabi ng backpack ni Liv. "Hindi po . . . sori po."

"Hindi ba ipinaalala sa iyo ni Mama na isabit ito?"

"Opo," sagot ni Kari. Napayuko siya.

"Hindi ba madalas ipaalala sa iyo ni Mama na isabit ang backpack mo?"

"Opo," bulong ni Kari. Hindi pa rin niya alam kung ano ang kinalaman nito sa anuman. Hindi ba sineryoso ni Papa ang tanong niya?





"Alam ko na kapag ipinagdarasal natin si Erik, dinirinig *talaga* ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin—sa tuwina. Ang problema ay baka hindi nakikinig si Erik ngayon mismo. Maaaring pagpasiyahan ni Erik kung pakikinggan niya ang Espiritu Santo, gaya ng pagpapasiya mo kung pakikinggan mo si Mama tungkol sa backpack mo. Pero palagay mo ba *palagi* mong babalewalain si Mama kapag inutusan ka niyang isabit ang backpack mo?"

"Hindi po siguro," sabi ni Kari.

"Balang-araw makikinig siya!" sabi ni Mama, na kumindat kay Kari. Ngumiti si Kari.

"Kaya siguro po balang-araw makikinig din si Erik," dagdag ni Kari.

"Tama," sabi ni Mama. "Ang pakikinig sa Espiritu Santo ay isang kasanayan na dapat linangin. Baka hindi pa natututuhan ni Erik ang kasanayang iyon." Nagsimulang gumanda ang pakiramdam ni Kari.

Yumuko silang lahat habang nagdarasal si Liv. Ipinagdasal niya na matuto si Erik na makinig sa Espiritu Santo. Habang nagdarasal si Liv, napayapa at nag-alab ang damdamin ni Kari. Alam niya na naririnig ng Ama sa Langit ang kanilang mga panalangin. Habang binabanggit ni Liv ang ilang paraan na napagpala ang kanilang pamilya, naisip ni Kari ang isa pang biyayang idaragdag sa listahan—mas naunawaan na niya ngayon ang tungkol sa panalangin!

Nang matapos ang panalangin, alam ni Kari na hindi nalilimutan ng Ama sa Langit si Erik. Alam din niya na hindi siya kalilimutan ng Ama kailanman. ■


*Ang awtor ay naninirahan sa Nevada, USA.*

## ANO ANG KALAYAAN?

Ang kalayaan ay isang kaloob na ibinigay ng Ama sa Langit sa lahat. Ito ang kaloob na pagpasiyahan ang ating gagawin. Tinutulungan tayo ng Ama sa Langit, pero hindi Niya tayo pinipilit na gawin ang mga bagay-bagay. Sa halip, hinahayaan Niya tayong pumili para sa ating sarili.

# Mahal Ako ni Jesus

Ni Kim Webb Reid




Bago nilalang ang lupa, lahat tayo ay nanirahan sa langit kapiling ang ating mga magulang sa langit at ang ating Nakatatandang Kapatid na si Jesus. Masaya tayo roon, at mahal na mahal natin ang isa't isa.


Isang araw sinabi sa atin ng Ama sa Langit na gagawa Siya ng lupa na titirhan natin. Alam Niya na kung minsan ay hindi natin susundin ang Kanyang mga utos habang nasa lupa tayo. Kakailanganin natin ang isang Tagapagligtas para tulungan tayong bumalik sa Kanya. Pinili ng Ama sa Langit si Jesucristo na maging Tagapagligtas natin.



MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Nang pumarito sa lupa si Jesucristo, ipinakita Niya sa atin ang tamang pamumuhay. Tinulungan Niya ang mga tao. Itinuro Niya na magmahalan sila.






Si Jesucristo ay nagdusa sa Halamanan ng Getsemani at sa krus. Ginawa Niya ito upang makapagsisi tayo at muli tayong mabuhay matapos tayong mamatay.



Kapag natututo ako tungkol kay Jesus,
nadarama ko ang pagmamahal Niya para sa akin. ■

# Ako ay Anak ng mga Magulang sa Langit





PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



**Ni Pangulong Hugh B. Brown (1883–1975)**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# ANG USAPIN NG ISANG BUHAY NA PROPETA

*Noong 1939, bago nagsimula ang World War II, inanyayahan ng isang miyembro ng House of Commons ng England si Brother Brown na maglahad ng isang legal na argumento ukol sa sinabi noon ni Brother Brown na si Joseph Smith ay isang propeta. Sa isang mensaheng ibinigay sa Brigham Young University noong Oktubre 4, 1955, na pinamagatang "The Profile of a Prophet," inilarawan ni President Brown ang kanilang pag-uusap (tingnan sa speeches.byu.edu).*

Sinimulan ko sa . . . , "Sinabi mong ang paniniwala kong kinausap ng Diyos ang isang tao sa panahong ito ay hindi kapani-paniwala at katawa-tawa?"

"Para sa akin, oo."

"Naniniwala ka ba na may nakausap na ang Diyos?"

"Oo naman. Malinaw iyan sa buong Biblia."

"Nakipag-usap ba siya kay Adan?"

"Oo."

"Kina Enoc, Noe, Abraham, Moises, Jacob, Jose, at sa lahat ng propeta?"

"Naniniwala ako na nakipag-usap Siya sa bawat isa sa kanila."

"Naniniwala ka ba na natigil ang pakikipag-ugnayan ng Diyos [sa] tao nang pumarito si Jesus sa lupa?"

"Hindi, ang pakikipag-ugnayang iyon ay umabot sa sukdulan sa panahong iyon."

"Naniniwala ka ba, sir, na matapos mabuhay [na mag-uli] si Jesus, isang kilalang abugado—na gumagawa rin ng tolda na ang pangalan ay Saulo, isang lalaking taga-Tarso—na habang patungo sa Damasco, [ang] nakipag-usap kay Jesus ng Nazaret, na ipinako sa krus, nabuhay na mag-uli, at umakyat sa langit?"

"Oo."

"Kaninong tinig ang narinig ni Saulo?"

"Tinig iyon ni Jesucristo, dahil ipinakilala Niya ang Kanyang sarili."

"Kung gayon, sinasabi ko sa iyo nang buong katapatan na pamantayang tuntunin noong kapanahunan ng Biblia na makipag-usap ang Diyos sa tao."

"Palagay ko'y tatanggapin ko iyan, pero nahinto rin ito kaagad matapos ang unang siglo ng panahon ng Kristiyanismo."



"Bakit kaya ito nahinto?"

"Hindi ko masabi."

"Palagay mo ba hindi na nangusap pa ang Diyos mula noon?"

"Sigurado akong hindi na."

"Tiyak na may dahilan. Mabibigyan mo ba ako ng isang dahilan?"

"Hindi ko alam."

"Maaari ba akong magmungkahi ng ilang posibleng dahilan? Siguro hindi na nakikipag-usap ang Diyos sa tao dahil hindi na Niya kaya. Nawalan na Siya ng kapangyarihan."

Sabi niya, "Aba, kalapastanganan iyan."

"Kung gayon, kung hindi mo matatanggap iyan, siguro hindi na Siya nakikipag-usap sa mga tao dahil hindi na Niya tayo mahal at hindi na Siya interesado sa ginagawa ng mga tao."

"Hindi," sabi niya, "Mahal ng Diyos ang lahat ng tao, at hindi Siya nagtatangi ng mga tao."

"Kung makakapagsalita naman pala Siya, at mahal Niya tayo, ang isa na lang posibleng sagot, sa nakikita ko, ay hindi natin Siya kailangan. Marami tayong makabagong likha sa agham, napakatalino na natin, kaya't hindi na natin kailangan ang Diyos."

At sinabi niya—at gumaralgal ang kanyang tinig sa naisip na nalalapit na digmaan—"Mr. Brown, walang panahon kailanman sa kasaysayan ng mundo na higit na kinailangan ang tinig ng Diyos kaysa ngayon. Siguro puwede mong sabihin sa akin kung bakit hindi Siya nakikipag-usap."

Ang sagot ko ay: "Nagsasalita *[nga]* Siya, nagsalita Siya noon; subalit kailangang manampalataya ang mga tao para marinig Siya." ■

PAGLALARAWAN NI JAMES JOHNSON




***ANG UNANG PANGITAIN,* NI JORGE COCCO SANTANGELO**

*"Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).*

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT



p. 44

### IPINROPESIYANG MGA ALITUNTUNIN NG *KATAPATAN*

Anong mga desisyon ang kailangan mong gawin ngayon para manatiling tapat sa hinaharap? Isipin ang 10 alituntuning ito.

## PARA SA MGA KABATAAN

### TEMA NG MUTWAL PARA SA 2017

Gusto mo bang mas mapalapit sa Ama sa Langit? Pag-aralan ang tema ng Mutwal sa taong ito tungkol sa panalangin.




p. 50

## PARA SA MGA BATA

### Ang Panunumbalik

Subukan ang aktibidad na ito para masiyahan sa pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan.

p. 66



TAGALOG
4 02144 18930 0

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW